

tupok sa tulad ng apoy ay di masusugpo hanggang may matutupok ito.

May taong naghahanap ng kaligayahan sa kanyang sariling katawan, hindi siya titigil hangga't hindi ito na-pag-aalab; sa isang mahalay na lalaki, masarap ang lahat ng pagkain at wala siyang pagkabu-sog hanggang kamatayan.

¹⁸ Ang taong hindi matapat sa asawa ay nagsasabi ng ganito: "Sino ang makakakita sa akin? Nalulukuban ako ng dilim, nakakanlungan ng mga pader; walang makakakita sa akin. Bakit ako mag-aalala? Hindi mapapansin ng Kataas-taasan ang aking mga pagkakamali."

¹⁹ Ang mga mata ng tao ang kanyang kinatatakutan; hindi niya naiisip na makasanlibong ulit na maliwanag ang mata ng Panginoon kaysa araw; sumusubaybay sa mga ginagawa ng tao at nakapaglalagos hanggang sa pinakatagong mga sulok. ²⁰ Kilala niya ang lahat ng bagay bago pa lalangin at kilala pa rin niya kagapag nawala na.

²¹ Parurusahan ang ganitong tao sa liwasan ng bayan, darakpin siya kung kailan niya hindi inaasahan.

²² Gayundin ang babaeng nagtaksil sa asawa at nagkaanak sa ibang lalaki. ²³ Una, sinuway niya ang Batas ng Kataas-taasan. Ikalawa, siya'y nagka-sala sa

kanyang asawa. At ikatlo, may dungis siya ng pakikiapid sa pagkakaroon ng mga anak sa ibang lalaki.

²⁴ Dadalhin siya sa harap ng kapulungan at susuriin din ang kanyang mga anak. ²⁵ Hindi magkakaugat ang kanyang mga anak ni magkakabunga ang kanilang mga sanga. ²⁶ Mag-iiwan siya ng isang alaalang kasumpa-sumpa at kailanma'y di mapapawi ang kanyang kahihyan.

²⁷ Malalaman ng mga taong nakakakilala sa kanya na walang kasimbuti ang pitagan sa Panginoon at walang kasinsarap ang sumunod sa kanyang mga utos.

Himno ng karunungan

24 • ¹ Pakinggan ang karunungan umaawit ng papuri sa sarili sa gitna ng kanyang bayan. ² Masdan, nagbubuka siya ng bibig sa kapulungan ng Kataas-taasan, lumuluwalhati siya sa sarili sa harap ng Makapangyarihan:

³ Nanggaling ako sa bibig ng Diyos at tinakpan kong parang ulap ang mukha ng lupa; ⁴ nananahan ako sa kaitaasan, at nasa haliging ulap ang aking trono.

⁵ Mag-isa kong niligid ang bilog ng langit; nilakad ang pusod ng kalaliman, ⁶ sinakop ang nagngangalit na dagat, gayundin ang lupa at lahat ng bayan at bansa.

• **24.1** Pinapamutawi sa mga labi ng Karunungan ng Diyos ang tulang ito na katulad ng nasa Mga Kasabihan 8 at Karunungan 7. Binibigyang-diin dito na ang Karunungan ay nasa bayan ng Diyos.

Dalawang pangyayari sa banal na kasaysayan ang makakatulong para maunawaan natin ang presensyang ito ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Karunungan:

- Ang *ulap* na sumasama sa mga Hebreo sa disyerto (tingnan ang Ex 13:21)

- Ang *Tolda* na nagsilbing Santuwaryo sa disyerto (tingnan ang Ex 25).

Itinuturo ng unang larawan na talagang higit sa tao ang Luwalhati ng Diyos kayat malalaman lamang natin ang anuman sa Diyos kapag ikinukubli Niya sa ulap ang kanyang Luwalhati.

Itinuturo naman ng ikalawang larawan na ang tunay na tahanan ng Diyos ay hindi bagay na materyal; tinatawag natin itong "langit". Mahiwaga at pansamantala ang kanyang presensya sa mundong ito: parang isang tolda lamang.

Ang Karunungan ng Diyos ang namamahala sa sanlibutan at sa lahat ng bansa. Pinukaw niya ang mga pantas at mga relihiyon ng lahat ng bansa ngunit dumating siya sa natatanging paraan sa Israel na kanyang tahanan at pamana. Nagbibigay-daan ito sa sasabihin ni Juan sa kanyang Ebanghelyo 1:3 at 1:9: Si Kristo ang Karunungan ng Diyos at ang Iglesia ang bayang tutulungan niya.

Ginamit ng liturhiyang Katoliko ang tulang ito para sa mga piyesta ng Biheng Maria dahil angkop ang mga salita nito sa papel na ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos sa kanyang Iglesia. Sa araw ng Pagbabalita ng Anghel, tinanggap niya si Jesus sa ngalan ng lahat. Kaya ipinagkaloob sa kanya na maging una sa bayan ng Diyos at ina ng lahat ng iba pa.

Ibinabalik tayo ng mga huling bersikulo sa mga praktikal na bagay: sa isang natatanging paraan, ang Karunungan ng Diyos ay nasa Batas, ibig sabihin'y sa aklat ng kanyang mga Salita.

⁷ Sa lahat ng ito ay naghanap ako ng mapagpapahingahan; saang lupalop ako magtatayo ng aking tirahan?

⁸ At inatasan ako ng lumikha sa sanlibutan, itinalaga ng lumalang sa akin ang lugar na aking pagpapahingalayan: "Itayo mo ang iyong tolda sa Jacob; ang magiging bayan mo ay ang Israel."

⁹ Nilikha niya ako noon pa mang una, bago nagsimula ang panahon, at mananatili ako magpakailanman, ¹⁰ para maglingkod sa kanya sa Banal na Tolda, sa kanyang harapan. At sa Sion din ako itinayo.

¹¹ Pinatira ako ng Panginoon sa kanyang mahal na lunsod; ang Jerusalem ang puso ng aking kaharian. ¹² Nag-ugat ako sa bayang itinangi ng Diyos, sa pamanang lupain ng Panginoon.

¹³ Ako'y lumaking katulad ng sedro sa Lebanon, ng sipres sa Bundok ng Hermon.

¹⁴ Lumaki akong katulad ng mga punong palma sa Engedi at gaya ng buko ng rosas sa Jeriko; katulad ng magandang punong olibo sa mga parang at gaya ng punong platano ay yumabong ako.

¹⁵ Humahalimuyak ang aking bango na katulad ng masamyong bulaklak; gaya ng mahalagang mira ay nagdulot ako ng natatanging bango; katulad ng masarap langhaping mga halaman at gaya ng usok ng kamanyang na panuob sa Santuwaryo ng Diyos.

¹⁶ Katulad ng puno ng ubas, mayyabong ang aking mga sanga - ang kaluwalhatian at kagandahang-loob. ¹⁷ Gaya ng puno ng ubas, nagbunga ako ng pinakamabuti: kayamanan at kaluwalhatian ang halimuyak ko.

¹⁹ Magsilapit kayong nagsisipaghangad sa akin, at magpakabusog sa aking mga

bunga. ²⁰ Ako'y matamis pa sa pulot-pukyutan para sa makatitikim, at masarap pa kaysa saray para sa mag-aangkin sa akin. ²¹ Lalo akong hahanapin ng sinumang kumain, at lalong uuhawin ang uminom sa akin. ²² Hindi mapapahiya ang aking taga-sunod, hindi magkakasala ang aking tagapaglingkod.

²³ Ang lahat ng ito ay nasa aklat ng Tipan, ang Testamento ng Kataas-taasang Diyos, Batas na iniutos ni Moises sa atin, ang pamana sa mga kapulungan ng Israel.

²⁵ Ang Batas na ito ang pinagmumulan ng mga bukal ng karunungan, tulad ng Pison o Tigris sa panahon ng tagbunga. ²⁶ Nagpapabaha siya ng kaunawaan na gaya ng Eufrates at Jordan sa panahon ng ani. ²⁷ Pinagmumulan siya ng kaalaman na gaya ng Ilog, gaya ng Gihon sa mga araw ng pitasan ng mga ubas.

²⁸ Hindi ganap na makauunawa sa karunungan ang una at hindi naman makatatarok sa kanya ang huli. ²⁹ Sapagkat malawak pa sa dagat ang kanyang kaisipan at malalim pa kaysa kalaliman ang kanyang mga panukala.

Hindi ako gumawa para sa sarili ko lamang

• ³⁰ Ako naman ay waring isang kanal buhat sa isang ilog, isang batis na patungo sa isang magandang hardin. ³¹ Naisip ko: "Patutubigan ko ang aking hardin at didiligin ang aking mga bulaklak." Naging ilog na ngayon ang aking kanal at naging dagat ang aking ilog.

³² Nawa'y sumikat ang pagtuturo ko na tulad ng bukanliwayway; nawa'y maipabatid ko sa malalayong pook. ³³ Palalaganapin ko ang pangangaral na gaya ng isang propesiya at ipagkakaloob ko sa susunod na mga salinlahi.

• 30. Isang pantas si Ben Sirac. Pagkaraan ng mga taon ng katapatan sa kanyang tungkulin bilang ama ng pamilya, tagapayo at negosyante, namamangha siya sa lahat ng kanyang tinanggap mula sa Karunungan ng Diyos. Batid niyang ang kanyang

gawa ay may di-pangkaraniwang kahalagahan sa maraming mananampalataya ng panahong darating, at pinasasalamatan niya ang Diyos. *Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan* (Lc 1:49).

³⁴ Masdan ninyo, hindi sarili ko lamang ang aking pinagpapaguran kundi ang lahat ng naghahangad ng karunungan.

25 ¹ Tatlong bagay ang aking kinagigiliwan at kalugud-lugod sa Diyos at sa tao: ang pagkakasundo ng magkakapatid, ang pagka-kaibigan ng magkakapitbahay, at ang ulirang pagsasama ng mag-asawa.

² May tatlong uri ng tao ang kinaiinisan ko at ang kanilang pamumuhay ay aking itinatakwil: ang maralitang mayabang, ang mayamang sinungaling at ang hangal na matandang mapakiapid.

³ Kung wala kang naimpok sa iyong kabataan, ano ang aasahan mo sa iyong katandaan?

⁴ Anong gandang bagay ng katandaang malalam magpayo, isang matandang nakapagpapasya!

⁵ Anong gandang bagay ng karunungan sa mga matatanda o pang-unawa at hinahon sa mga dakila.

⁶ Putong ng matatanda ang mayamang karanasan, ikinapupuri nila ang pitagan sa Panginoon.

⁷ Siyam na bagay ang itinuturing kong mabuting kapalaran at ang ikasampu ay akin pang tutukuyin: ang taong naliligayahan sa kanyang mga anak, ang nakakakita sa pagbagsak ng kanyang mga kaaway nang buhay pa siya.

⁸ Mapalad ang lalaking may matinong asawa; na di nag-aararo ng asno at baka; mapalad ang kailanma'y di nagkamali sa pagsasalita o naglingkod sa isang di-karapat-dapat na panginoon. ⁹ Mapalad ang nakatagpo sa kahinahunan at naghahayag nito sa mga nakikinig! ¹⁰ Tunay na dakila ang taong nakapagtamo ng karunungan, ngunit walang makahihigit sa taong may pitagan sa Panginoon.

¹¹ Mahigit nga sa lahat ang pitagan sa Panginoon. Sino ang maihahambing sa isang may taglay nito?

¹³ Sa lahat ng sugat, pinakamasahol ang sugat ng puso; ¹⁴ sa lahat ng kabuktutan, pinakamasahol ang kabuktutan ng babae; sa lahat ng paghihiganti, pinakamasahol ang paghihiganti ng kaaway.

¹⁵ Wala nang hihigit pang lason sa kamandag ng ahas, walang poot na higit pa sa poot ng kaaway.

• **26.1** Pinupuri ni Ben Sirac ang babaeng may kaga-napang moral at pisika. Tungkol dito, kailangang ipakita kung paanong ang makabagong panlipunang panlungsod ay nakasisira sa lahat ng nasa kalagayang walang kasarinlan. Tootoo ito maging sa lalaki man o sa

¹⁶ Mas nais ko pang mamuhay na kasama ng isang leon at isang ahas kaysa makisama sa isang imbing babae.

¹⁷ Pinapapangit ng kabuktutan ang anyo ng babae, pinadidilim ang kanyang mukha na katulad ng sa isang oso. ¹⁸ Kapag kumain ang kanyang asawa na kasalo ng kapitbahay, napapabuntunghininga siya nang mapait.

¹⁹ Walang kabuktutang maipapantay sa kasamaan ng babae. Nawa'y sapitin niya ang hantungan ng makasalan.

²⁰ Kung ano ang mabuhanging gulod sa mga paa ng isang matanda, gayundin ang madaldal na maybahay sa kanyang tahimik na asawa.

²¹ Huwag kang palinlang sa ganda ng isang babae, ni pagnasahan mo siya.

²² Nakakagalit, kadusta-dusta at lubhang nakakahiya kapag babae ang nagpapakain sa asawa.

²³ Matamlay na diwa, malungkot na mukha at mga lingid na sugat – iyan ang dulot ng isang buktot na babae. May mahihinang kamay at nangangalog na tuhod ang lalaking di napaliligaya ng asawa.

²⁴ Sa babae nagsimula ang kasalanan at tayong lahat ay mamamatay nang dahil sa kanya.

²⁵ Huwag pabayaang tumulo ang tubig ni pagbigyan ang isang masamang babae. ²⁶ Pag ayaw niyang gawin ang sinasabi mo, hiwalayan mo siya.

26 • ¹ Mapalad ang lalaking may butihing maybahay, mag-iibayo ang bilang ng kanyang mga araw. ² Kaligayahan ng lalaki ang matapat na asawa; matitiwasay siya sa buong buhay niya.

³ Magandang kaloob ang mabuting maybahay; makakamtan siya ng may pitagan sa Panginoon; ⁴ mayaman man o mahirap, magkakaroon siya ng mapayapang puso at masayang mukha.

⁵ Tatlong bagay ang pinangangambahan ko at ang ikaapat ay kinatatakutan ko; ang lantrang paninirang-puri, ang nanggugulong mga tao at ang maling paratang – masahol pa sa kamatayan ang lahat ng ito. ⁶ Ngunit dalamhati at panaghoy ang babaeng naninibugho sa ibang babae; hagupit sa lahat ang dila niya.

babae, bagamat hindi alam nitong huli ang pang-aalipin at katutubong kahirapan sa panahon ni Ben Sirac. Ang mga lunsod ng ating panahon ay malaking larangan na naghihintay ng pagkilos ng mga grupo ng Kristiyanong pamilya.

⁷ Katulad ng pamatok na natali nang mali ang masamang maybahay; ang pagsupil sa kanya ay katulad ng paghawak sa isang alakdan.

⁸ Labis na kagalit-galit ang lasenggang maybahay; di maitatago ang kanyang kahihyan.

⁹ Nakikilala ang babaeng dalahira sa kanyang palihim na sulyap; napapansin siya sa mapang-akit niyang tingin. ¹⁰ Pangalagaan mo ang sutil na anak na babae upang di siya makapagsamantala sa anumang pagkakataon.

¹¹ Pakaingatan mo ang mapang-akit na bae at huwag kang magtaka kung isubo ka niya sa kahihyan.

¹² Nagbubuka ng bibig ang nauuhaw na manlalakbay upang uminom kahit anong tubig; gayundin siya umuupo sa harap ng kahit anong kahoy at binubuksan ang kanyang lalagyan sa alinmang palaso.

¹³ Ang alindog ng isang maybahay ay nagpapaligaya sa kanyang asawa at ang kanyang katalinuhan ay nagpapasigla sa katawan nito. ¹⁴ Kaloob ng Panginoon ang tahimik na maybahay; walang kasinghalaga ang isang ulirang maybahay.

¹⁵ Pinakamabuti sa lahat ng pagpapala ang isang mahinhing maybahay; wala siyang katumbas.

¹⁶ Katulad ng araw na sumisikat sa mga bundok ng Panginoon – ganyan ang butihing maybahay sa isang maayos na tahanan.

¹⁷ Katulad ng ilawang tumatanglaw mula sa kandelabrong banal – ganyan ang magandang mukha sa isang kabighabighaning katawan. ¹⁸ Katulad ng haliging-ginto sa patungang pilak – ganyan ang magandang binti at paang matatag.

²⁸ Dalawang bagay ang ikinalulungkot ko, at ang ikatlo ay aking ikinagagalit: ang mandirigmang naghihikahos; ang marunong na labis na hinahamak; ang taong mula sa kabanalan ay nagbalik sa kasalanan. Ibbukod siya ng Panginoon para sa tabak.

²⁹ Mahirap umiwas sa kasakiman ang mangangalakal; di maliligtas sa pagkakasala ang may-ari ng tindahan.

27 ¹ Marami ang nagkakasala sa paghangad ng pakinabang; walang budhing pinakikinggan ang naghahangad ng kayamanan.

² Katulad ng tulos sa pagitan ng dalawang bato, gayon sumisingit ang pagkakasala sa pagitan ng pamimili at pagbibili. ³ Madaling guguho ang tahanan ng taong hindi makapantiling matatag sa pitagan sa Panginoon.

⁴ Kapag itinahip mo ang bistay, mahuhulog ang mga dumi; gayundin ang mga kakulangan ng tao, sa pagsasalita niya.

⁵ Sa hurno nasusubok ang gawa ng magpapalayok; ang tao nama'y nasusubok sa kanyang pagsasalita.

⁶ Sa bunga ng punungkahoy nakikilala ang halaman; sa sinasabi naman ng tao nakikilala ang kanyang damdamin.

⁷ Huwag mong pupurihin ang lalaki hangga't di siya nagsasalita, sapagkat ito ang pagsubok sa tao.

⁸ Kung naghahangad ka ng katarungan, makakamit mo ito at maisusuot na waring isang marikit na balabal.

⁹ Nagbabalik ang ibon sa sariling kawan; gayundin nagbabalik ang katotohanan sa sumasalubong na matapat.

¹⁰ Naghihintay ang leon sa kanyang masisila; gayundin ang kasalanan sa mga gumagawa ng masama.

¹¹ Laging may karunungan ang pananalita ng taong maka-Diyos; pabagu-bago namang tulad ng buwan ang pangungusap ng hangal.

¹² Tipirin mo ang iyong panahon sa piling ng mga hangal, ngunit gugulin mong labis-labis sa piling ng marurunong. ¹³ Nakakainis ang paguusap ng mga hangal; magaspang at pagaw ang kanilang katuwaan.

¹⁴ Walang makatatagal makinig sa panunungyaw na walang patid; ang pagtatalo'y masakit sa pandinig.

¹⁵ Dumadanak ang dugo kapag nag-away ang mayayabang; masakit sa tainga ang kanilang pagmumurahan.

¹⁶ Sumisira ng tiwala ang nagbubunyag ng lihim; hindi na siya makatatagpo ng kaibigan.

¹⁷ Mahalin mo ang iyong kaibigan at magtiwala sa kanya. Ngunit kapag ibinunyag mo ang kanyang lihim, huwag ka nang makisama pa sa kanya. ¹⁸ Kung paanong naulila ang isang taong namatayan, gayundin ka nawalan ng isang kaibigan.

¹⁹ Kapag binuksan mo ang iyong palad, ang ibon ay makakawala; ganito rin ang iyong kaibigan, hindi mo na siya mapababalik. ²⁰ Huwag mo siyang hulihin: malayo na siya at parang gaselang nakawala sa bitag. ²¹ Mabebendahan ang sugat at mapatatawad ang kalapastanganan, ngunit wala nang lunas kapag nagsiwalat ka ng lihim.

²² Ang taong malikot ang mata ay may masamang binabalak, walang makapagpapabago sa kanya. ²³ Sa iyong harap ay napakagiliw niya, humahanga siya sa iyong mga sinasabi; kapag natalikod, iba ang kanyang sasabihin at babaligtarin ang sinabi mo.

²⁴ Marami na akong kinapootang bagay, ngunit walang katulad ang gayong tao; maging ang Panginoon ay namumuhi sa kanya.

²⁵ Ang batong inihagis nang paitaas ay sa ulu rin ng naghagis babagsak; sarili ang masugatan ng pataksil manalakay.

²⁶ Ang naghuhukay ng patibong ay mahuhulog doon; ang nag-uumang ng bitag ay doon din babagsak.

²⁷ Kapag gumawa ka ng kasamaan, kasamaan din ang iyong sasapitin; ni hindi mo malalaman kung saan iyon nanggaling.

²⁸ Nang-uuyam at nanlalait ang palalo, ngunit nag-aabang sa kanya ang kaparusahan na tulad ng isang leon.

²⁹ Mahuhulog sa bitag ang natutuwa sa kasawian ng mga maka-Diyos; uubusin sila ng hirap bago sila mamatay.

³⁰ Kasuklam-suklam din ang poot at pagngingitngit; ang makasalana'y diyan mahigpit na nangangapit.

Huwag magkimkim ng poot

28 ¹ Ang naghiganti ay tatanggap ng paghiganti ng Panginoon, na nag-iingat ng tala ng mga pagkakasala ng tao. ² Patawarin mo ang pagkakasala ng iyong kapwa at patatawarin ang iyong mga kasalanan sa paghiling mo.

³ Kung nagtatanim ng galit ang tao sa kanyang kapwa, paano siya hihingi ng lunas sa Diyos? ⁴ Kung wala siyang habag sa kapwa, paano niya maipagdarasal ang kapatawaran sa kanyang mga kasalanan? ⁵ Habang siya, na laman lamang at dugo, ay nagtatanim ng galit, paano siya mapatatawad?

⁶ Alalahanin mo ang iyong wakas at iwaksi ang pagkamuh; isaisip mo ang iyong pagkabulok sa libingan at sundin mo ang kautusan. ⁷ Tandaan mo ang mga utos at huwag kang magtanim ng galit sa iyong kapwa. Tandaan mo ang Tipan ng Kataas-taasan at ihinto ang paggawa ng masama.

⁸ Iwasan mo ang mga pagtatalo at hindi ka magkakasala; ang taong may mainit na ulo ay nagpapasimuno ng pag-aaway.

⁹ Ang makasalanan ay nanggugulo sa magkakaibigan, naghahasik ng alitan sa mga nanahimik.

¹⁰ Nagdiringas ang apoy ayon sa gatong, at ang pagtatalo naman ayon sa katigasan ng ulo.

Kung gaano kalaki ang kapangyarihan ng tao, gayundin ang kanyang poot; ang pagtindi ng kanyang galit ay umaalinsunod sa kanyang yaman.

¹¹ Ang biglang alitan ay nagpapasiklab sa apoy; ang mabilis na pag-aaway ay humahantong sa pagdanak ng dugo.

¹² Hipan mo ang baga at mabilis itong magninging, duraan mo ito at mamamatay; alinman dito ay galing sa iyong bibig.

¹³ Sumpain ang madaldal na may sanga-sangang dila; maraming namumuhay nang ma tahimik ang kanyang ipinahamak. ¹⁴ Marami nang pinuksa ang malabigang dila, maraming inusig sa kung saan-saang bansa. Naibagsak niya ang malalakas na lunsod at naiguho ang palasyo ng mga dakila.

¹⁵ Napalayas ng mga maninirang-puri ang matatapat na maybahay, naagawan sila ng mga bunga ng kanilang pinagpaguran. ¹⁶ Ang nakikinig sa malabiga ay hindi mapapanatag ni mabubuhay nang payapa.

¹⁷ Lumalatay ang latigo, ngunit ang dila'y nakababali ng buto.

¹⁸ Marami ang nasawi sa espada ngunit lalong marami ang namatay dahil sa dila.

¹⁹ Mapalad ang taong nakaligtas sa kanya at hindi nagbata ng kanyang kalupitan, hindi nagpasan ng kanyang pamatok at hindi nagapos sa kanyang mga tanikala.

²⁰ Sapagkat ang pamatok niya ay bakal at ang kanyang mga tanikala ay tanso. ²¹ Kakilakilabot na kamatayan ang dulot niya. Mabuti pa ang tunay na kamatayan! ²² Ngunit hindi siya makapananaig sa may pananampalataya, hindi sila matutupok ng kanyang liyab.

²³ Mahuhulog dito ang mga tumatalikod sa Panginoon; tutupukin sila nito nang walang katapusan; sasalubungin sila nitong parang leon, at lulurayin nitong parang leopardo.

²⁴ Bakuran mo ng mga tinik ang iyong lupa at pangalagaan ang iyong mga pilak at ginto. ²⁵ Sa ganito ring paraan, sukatin mo at timbangin ang iyong mga salita at lagyan ng nakatrangkang pinto ang iyong bibig.

²⁶ Pakaingatang huwag madulas ang iyong dila kapag nagsasalita, upang hindi ka mahulog sa mga nag-aabang sa iyo.

29 • ¹ Nagpapahiram ang nagkakawang-gawa sa kapwa, ang nag-aabot ng tulong ay sumusunod sa mga kautusan.

² Magpahiram sa iyong kapwa sa panahon ng kanyang pangangailangan, at magbayad ng utang sa takdang panahon.

³ Tumupad ka sa iyong pangako, manatiling matapat at makakatagpo kang lagi ng iyong kinakailangan.

⁴ Marami ang nag-aakalang ang pag-utang ay madaling gawin kayat ang pinagkakautangan ay nalalagay sa alanganin. ⁵ Habang hindi sila tumatanggap, hinahalikan nila ang kamay ng nagpapautang at yumuyukod sila alang-alang sa pera. Ngunit, sa araw ng pagbabayad, nagpapaliban sila, nagbabayad ng mga masakit na salita at panlalait sa mga pangyayari.

⁶ Kapag kaya nila, halos kalahati lamang ang isasauli at kikilalanin ito ng nagpautang na mabuting kapalaran. At kung hindi naman, nanakaw na ang kanyang salapi at nagkakaroon pa siya ng kaaway. Pagmumura at panlalait ang isasauli sa kanya at sa halip na paggalang ay pagdusta.

⁷ Marami tuloy ang tumatangging mag-pautang; nangangamba silang masuba nang payon lamang.

⁸ Gayunman, maging mabait ka sa mga nag-hihikahos, huwag mo silang papaghintayin ng iyong tulong.

⁹ Alang-alang sa kautusan, tulongan mo ang maralita; maralita siya, kaya huwag mo siyang paalisin nang walang dala.

¹⁰ Mabuti pang gugulin mo ang iyong salapi para sa iyong kapatid o kaibigan mo kaysa sirain iyon ng kalawang sa taguan at ikaw rin ang mawalan.

¹¹ Gamitin mo ang iyong salapi ayon sa utos ng Kataas-taasan at pakikinabangan mo iyon nang higit pa sa ginto.

¹² Punuin mo ng kabutihang-loob ang iyong mga kamalig at maliligtas ka sa kasamaan.

¹³ Higit pa sa makapal na kalasag at matibay na sibat, ang mabubuting gawa mo ang magsa-sanggalang sa iyo sa mga kaaway.

¹⁴ Pananagutan ng mabuting tao ang kan-

yang kapwa, magpapabaya sa kapwa ang tam-palasan.

¹⁵ Huwag kalimutan ang mga kabutihan ng iyong tagapanagot: itataya niya ang kanyang buhay dahil sa iyo.

¹⁶ Nilulustay ng makasalanan ang salapi ng kanyang tagapanagot; pinababayaang ng walang utang na loob ang nagligtas sa kanya.

¹⁷ Maraming mabubuting tao ang naghirap dahil sa paggagarantiya at nabagbag nito na gaya ng mga alon sa dagat. ¹⁸ Pinalayas nito ang mga makapangyarihang tao at gumala-gala sila sa mga dayuhang bansa.

¹⁹ Naghangad na managot ang makasalanan alang-alang sa tubo, nahatulan siyang usurerero.

²⁰ Tumulong ka sa kapwa ayon sa iyong makakayanan ngunit mag-ingat kang bumagsak.

²¹ Pundasyon ng buhay ang tubig, pagkain, damit at tahananang masisilungan.

²² Mabuti pa ang buhay ng isang mahirap sa kanyang kubo kaysa marangyang handa sa bahay ng iba.

²³ Masiyahan ka kung anuman ang nasa iyo, kakaunti man o marami; mas mabuti na iyan kaysa makituloy kahit saan at hamakin bilang isang dayuhan.

²⁴ Mahirap makituloy sa bahay-bahay; bilang nanununuluyan, hindi ka makapangangahas magbukas ng bibig. ²⁵ Sapagkat dayuhan ka, hiya ang kinakain mo; makakarinig ka pa ng masasakit na pananalita: ²⁶ "Halika, dayuhan, ihanda mo ang mesa, at kung mayroon kang anuman, pakainin mo ako."

²⁷ "Umalis ka na, dayuhan, Pagbigyan mo ang isang higit na marangal. Dadalaw ang aking kapatid at kailangan ko ang silid."

²⁸ Masakit sa isang marunong na tao ang pagkaitan ng pagtanggap at ituring na gaya ng isang mangungutang.

Ituwid mo ang iyong anak

30 • ¹ Namamalo ng anak ang nagmamahal na magulang; maipagmamalaki niya ito sa wakas. ² Makabubuti sa

• **29.1** 29:2-6. Ito ang litrato ng mga nangungutang na hindi naman nagbabayad.

Ang limos, at sa mas malawak na kahulugan, ang lahat ng ginagawa natin nang gratis o libre sa ating kapwa, ang pinakamagandang seguro laban sa mga kapahamakan. Tingnan ang tungkol dito sa Tobias 4:9 at Lucas 16:9.

• **30.1** Dito tinatalakay ni Ben Sirac kung saan nakasalalay ang kapalaran ng isang bayan. Nagre-reklamo ang lahat na napakakaunti ang mga taong

responsable. Nakakakita kahit saan ng mga may mabuting damdamin, pero nasaan ang mga makapagpagtiyaga sa kabutihan at makapagsasagawa ng kanilang mabubuting balak? Nasa ganap na kawalan ng awtoridad ng mga magulang ang mabigat na sanhi ng kakulangan ng tatag ng kalooban. Tatlong buwan pa lamang ang sanggol pero alam na niya na kapag umiyak siya nang husto, mapipilit niya ang kanyang ina na kargahin siya. Sa edad na dalawang taon, marunong na siyang manakot, manigaw, at mag-

kanyang anak ang maituwid ito, at mapagmamalaki niya ito sa kanyang mga kakilala. ³ Maiinggit ang kanyang mga kaaway; ipagkakapuri niya ito sa harap ng kanyang mga kaibigan.

⁴ Mamatay man ang ama, waring buhay pa rin siya, sapagkat nakaiwan siya ng isang kamukha niya. ⁵ Nakita na niya ito at ikinasiya at mamamatay siya nang walang kalungkutan.

⁶ Mag-iwan siya sa sambahayan ng isang makapaghihiganti sa kanyang mga kaaway at ng isang magbabayad ng utang na loob sa kanyang mga kaibigan.

⁷ Gagamutin ng nagpapalayaw sa anak ang mga sugat nito; maliligalig siya sa bawat daing nito.

⁸ Di maisingkaw ang kabayong hindi sinupil; gayundin magiging sutil ang pinalayaw na anak. ⁹ Palayawin mo ang anak, at sa huli'y tatakutin ka niya; makipaglaro ka sa kanya at ikalulungkot mo iyon.

¹⁰ Huwag makipagtawanan sa kanya, baka ka magdusa at saka magngitngit.

¹¹ Huwag mo siyang pabayaang sa kanyang sarili habang bata pa; at huwag mong kunsintihin ang kanyang mga pagkakamali. ¹² Hutukin mo ang kanyang gulugod at hagupitin mo ang kanyang tagiliran habang bata pa siya, at baka siya maging sutil at suwail sa iyo.

¹³ Asikasuhin mo ang iyong anak upang ituwid, upang hindi ka magdusa sa kanyang kahangalan.

¹⁴ Mabuti pa ang isang maralitang malusog at malakas kaysa isang mayamang pinahihirapan ng sakit sa katawan.

¹⁵ Higit pa sa ginto ang kalusugan at kasiglahan, mas mahalaga ang malakas na katawan kaysa kayamanan. ¹⁶ Walang kayamananang mapapalit sa lusog ng katawan at walang kasiyahang higit pa sa kagalakan ng puso.

alboroto taglay ang katiyakang pagbibigyan siya sa dakong huli ng kanyang mga magulang. "Anong magagawa natin? Eh, ayaw ng bata."

Alam ni Ben Sirac na tanging ang mga anak lamang na sinuheto at di-kinunsinti ng mga magulang sa kanilang mga kapritso ang makararating sa tunay na

¹⁷ Higit na mabuti ang kamatayan kaysa isang masaklap na buhay at ang mamayapa kaysa palaging may karamdaman.

¹⁸ Ano'ng silbi ng pagkaing inilagay sa ibabaw ng isang libing? Gayundin ang masasarap na pagkaing idinulot sa isang di makakain.

¹⁹ Ano ang katuturan ng handog sa isang diyus-diyusan? Hindi ito kumakain ni nakaamoy. Gayundin ang taong pinarusahan ng Panginoon; ²⁰ nakatingin lamang siya at nagbuntunghininga, tulad ng kapong yumayakap sa isang dalaga at naghihinagpis.

²¹ Huwag kang padaig sa kalungkutan, huwag mong pahirapan ang sarili sa paninimdim.

²² Buhay sa tao ang kagalakan ng puso, pinahahaba ng kasayahan ang kanyang mga araw.

²³ Aliwin mo ang sarili at pasiglahin ang iyong puso; ilayo mo ang kalungkutan, sapagkat marami na ang nasawi sa kalungkutan at wala itong kabutihang naidudulot.

²⁴ Ang inggit at poot ay nagpapaikli ng buhay; nakapagpapatanda agad ang pag-aalala.

²⁵ Maganang kumain ang masaya at mabuting tao. Ikinabubuti niya ang kanyang pagkain.

31 ¹ Nauubos sa di pagtulog ang katawan ng mayaman; tinatangal ng kanyang pag-aalala ang tulog.

² Nakakahadlang sa pagtulog ang pag-aalala at gaya ng malubhang karamdaman.

Mapalad ang taong hindi tumitingin sa kayamanan

³ Nagpapakapagod ang mayaman upang mag-imbak ng kayamanan at labis na siyang nasisiyahan sa kanyang pagpapahinga: ⁴ nagpapakapagod ang mahirap upang mabuhay lamang at dahop siya sa kanyang pagpapahinga.

⁵ Hindi maaaring walang sala ang nagmamahal sa salapi; ililigaw ng pakinabang ang naghahangad nito. ⁶ Marami na ang bumagsak dahil sa salapi; sinasalubong sila ng kapahamakan.

⁷ Patibong ang salapi sa mga sumasamba rito. Mabibitag nito ang hangal.

kalayaan dahil sila ang makakapagtiyaga sa kabutihan.

Ang Kristiyanismo ay wala sa pagsunod sa isang batas, pero kahit makararanas tayo ng kung ano sa "espiritu", mahihirapan tayong anihin ang mga bunga nito kung hindi tayo susunod sa batas.

⁸ Mapalad ang taong matagpuang walang kapintasan na di nagpapadala sa sa-lapi! ⁹ Sino ba siya? Sabihin nating mapalad siyang tao sapagkat nakapagbigay siya ng kahanga-hangang halimbawa.

¹⁰ May maipagmamalaki ang nakaranas ng ganitong pagsubok at natagpuang ganap na tapat. Maaari siyang magkasala ngunit hindi nagkasala; maaari siyang gumawa ng masama ngunit hingi niya ginawa ito. ¹¹ Magiging matatag ang kanyang kayamanan at kikilalanin ng kapulungan ang kanyang kabutihang-loob.

Mga piging at handaan

• ¹² Nasa isang maringal na piging ka ba? Huwag kang pahalina at magsabing: “Anong laking handa nito!”

¹³ Alalahaning masama ang matang matakaw. May hihigit pa bang masama kaysa gayong mata? Kaya nga isinumpa iyon upang tumangis.

¹⁴ Huwag mong abutin ang tinitingnan na ng kasama mo. ¹⁵ Unawain mo ang nais ng iyong kapwa ayon sa iyong sarili at maging mahinahon ka sa lahat ng iyong gagawin.

¹⁶ Bilang maginoo, kanin mo ang nakahain sa iyong harap at baka kamuhian kung matakaw ka. ¹⁷ Magpauna kang umayaw na tulad ng isang may pinag-aralan at baka mapahiya ka dahil sa iyong katakawan. ¹⁸ Kung kaharap mo ang mararangal na tao, huwag kang magpauna sa pagkuha ng pagkain.

¹⁹ Tama na ang kaunti sa isang may pinag-aralan at maluwag pa ang paghinga niya sa pagtulog. ²⁰ Malusog ang tulog ng kumakain nang katamtaman. Maaga siyang magigising at maginhawa ang pakiramdam! Di pagkatulog naman at pagsuka at sakit ng tiyan ang mga bunga ng labis na pagkain. ²¹ Kapag naparami ang kinain mo, tumayo ka at isuka ang iyong kinain upang maginhawahan ka.

²² Makinig ka, kaibigan ko, at huwag kaligtaan ang sasabihin ko: sa huli mo makikita ang katotohanan. Sa lahat ng gagawin mo ay huwag kang magpakalabis at di ka sasalubungin ng karamdaman.

²³ Kalulugdan at pupurihin ang mapagbigay na mayhanda, ²⁴ ngunit lalaitin ng lahat ang kuripot na mayhanda.

²⁵ Huwag kang magpasikat sa pag-inom sapagkat marami na ang napahamak sa alak. ²⁶ Sa apoy nasusubok ang tigas ng bakal; gayundin, sa alak nasusubok ang puso ng mga hambog.

²⁷ Sigla ng buhay ang alak kung iniinom nang katamtaman. Ano ang buhay kung walang alak?

²⁸ Galak ng puso at saya ng kalooban ang alak kung iniinom nang katamtaman sa tamang panahon. ²⁹ Kapaitan naman ng kalooban ang sobrang alak dahil sa bisyo at pagtungga.

³⁰ Pinupukaw ng kalasingan ang poot ng hangal at pumipinsala sa kanya. Nagpapahina ito sa kanyang lakas at nagdudulot ng mga sugat. Huwag mong hamunin ang iyong kapwa sa oras ng inuman, at huwag hamakin kung siya’y nagsasaya; huwag magsalita nang masakit sa kanya o kagalitan siya sa paniningil ng pautang.

32 ¹ Napili ka na bang tagapamahala sa isang handaan? Huwag kang magmataas! Maging tulad ka nawa ng bawat isa sa kanila; asikasuhin mo sila at saka ka umupo. ² Kapag nagampanan mo ang dapat mong gawin, saka ka dumulog at makipagsaya. Babatiin ka nila sa mahusay mong pagkakaganap sa iyong gawain.

³ Magtalumpati ka matanda: bagay nga ito sa iyo. Magsalita ka nang maingat at huwag mong gambalain ang musika.

⁴ Kung may tumutugtog, huwag kang maringay at magmarunong nang wala sa oras.

⁵ Katulad ng rubing nakabaon sa ginto ang isang konsiyertong may handang alak.

⁷ Magsalita ang mas bata kung kinakailangan, huwag lang labis sa dalawa at pag tinanong lamang. ⁸ Magsabi ng marami sa maikling pangungusap at ipakitang marunong ngunit di madaldal.

⁹ Kung kasama ka ng mahahalagang tao, huwag kang makipantay sa kanila. Huwag makipag-usap kung may ibang nagsasalita.

¹⁰ Nauuna sa kulog ang kidlat; gayundin, nauuna sa mapagpakumbabang tao ang pagtanggap sa kanya.

¹¹ Lumisan ka sa tamang oras at huwag mag-

• **31.12** Hindi ipinagbabawal ng Biblia ang pag-inom ng alak: nilikha ito para sa kasiyahan ng tao (tingnan ang Slm 104:15). Ang mga itinalaga lamang bilang mga nazireo ang hindi umiinom ng alak. Hindi rin ipinagbawal ng Bagong Tipan ang alak: ganito ang

ipinahihwatig ng unang milagro ni Jesus sa Cana (Jn 2).

Gayunman, maraming babala ang aklat ng Karunungan laban sa paglalasing. Tingnan ang sinasabi ni Pablo sa Ef 4:18 at 1 Cor. 5:11.

pahuli; huwag maglimayon, tuluy-tuloy kang umuwi.

¹² Maglibang ka roon, ngunit huwag magkakasala sa pagyayabang. ¹³ At magpasalamat ka sa Lumikha na nagkaloob din sa iyo ng kanyang pagpapala.

¹⁴ Ang may pitagan sa Panginoon ay tuma-tanggap sa kanyang pagtutuwid at ang maa-gang nagbabangon sa umaga ay kanyang pagpapalain.

¹⁵ Tinutulungan ng Batas ang sumusunod dito, ngunit sa mapagkunwari ay nagiging balakid ito.

¹⁶ Kinalulugdan ng Panginoon ang mga may pitagan sa kanya; magliliwanag na parang ilaw ang mabubiti nilang gawa.

¹⁷ Hindi tinatanggap ng makasalanang pangaral, at binibigyan niya ng katwiran ang sarili sa paggawa ng kanyang gusto.

¹⁸ Nag-iisip-isip muna ang taong mahusay magpasiya; wala namang kinatatakutan ang palalong makasalanang.

¹⁹ Huwag kang gagawa ng anuman nang di mo muna pinag-iisipan at hindi ka magsisisi.

²⁰ Huwag kang lumakad sa daang mabato nang di ka matisod. ²¹ At huwag maging mapagtiwala sa patag na daan. ²² Mag-ingat ka maging sa sarili mong mga anak.

²³ Mag-ingat ka sa iyong sarili sa anumang gagawin upang tuparin ang mga kautusan.

²⁴ Sumusunod sa mga kautusan ang nani-niwala sa Batas; hindi mapapariwara ang sumusunod sa Panginoon.

33 ¹ Walang masamang sasapit sa may pitagan sa Panginoon; maging sa pag-subok maliligtas siya.

² Hindi napopoot sa Batas ang marunong; ang paimbabaw kung tumupad ay tulad ng isang barko sa unos.

³ Nananalig sa Batas ang matalinong tao; kapani-paniwala ito sa kanya na tulad ng isang sagot ng Diyos.

⁴ Ihanda mo ang iyong sasabihin at pakikinggan ka ng sambayanan; isaayos mo muna ang iyong nalalaman bago ka sumagot. ⁵ Tulad ng isang gulong ng kariton ang damdamin ng hangal. Ang kanyang isipan ay kawangis ng eheng umiikot.

⁶ Tulad ng isang kabayong mailap ang isang kaibigang mapanlibak, humahalinghing ito kahit sino ang sumakay.

⁷ Bakit may araw na higit na banal kaysa iba, gayong may isa lamang liwanag na tumatanglaw sa lahat ng araw? ⁸ Ang kapasyahan ng

Panginoon ang nagtatangi sa mga ito; siya ang nagsaayos ng iba't ibang panahon at mga pista.

⁹ Pinili niya ang ilan sa mga ito at binanal, at ginawa niyang karaniwang araw ng iba. ¹⁰ Gayundin, nanggaling sa alabok ang lahat ng tao; sa putik nayari si Adan. ¹¹ At pinag-iba-iba sila ng Panginoon sa laki ng kanyang karunungan at binigyan ang bawat isa ng kanyang kalagayan.

¹² Pinagpala niya ang mga ilan at inilapit sa kanyang sarili. Isinumpa niya ang iba at inaba at pinalayas sa kanilang kinalalagyan. ¹³ Tulad ng luwad na hinuhubog ng magpapalayok ayon sa kanyang nais, gayundin ang lahat ng tao sa kamay ng Lumikha; bawat isa'y binibigyan niya ayon sa kanyang minamarapat.

¹⁴ Ang katapat ng kasamaan ay kabutihan, ang katapat ng kamatayan ay buhay, at ang katapat ng mabuting tao ay ang makasalanang.

¹⁵ Tingnan mo ang mga ginawa ng Kataas-taasan at makikita mong sila'y magkakatatambal at baligtaran. ¹⁶ Ako naman ang kahulihulihang nagbantay na parang mamumulot na kasunod ng mga mamimitas ng ubas. ¹⁷ Sa awa ng Panginoon ay nanguna rin ako at gaya ng mamimitas ay napuno ko ang pisaan ng mga ubas. ¹⁸ Tingnan ninyo, hindi para sa aking sarili lamang ako nagpakapagod kundi para sa lahat ng naghahangad ng aral. ¹⁹ Pakinggan ninyo ako, kayong mga panginoon ng bayan, mga puno ng kapulungan, makinig!

²⁰ Huwag mong bigyan ang sinuman - maging anak na lalaki, asawa, kapatid o kaibigan - ng kapangyarihan sa iyo habang nabubuhay ka. Huwag mong ipamigay sa iba ang iyong ari-arian, baka pagkaraan ay magsisi ka at magmakaawa upang bigyan.

²¹ Habang nabubuhay ka at may hininga, huwag kang pailalim sa iba. ²² Higit na mabuting ang mga anak mo ang umasa sa iyo kaysa ikaw ang umasa sa kanila. ²³ Ikaw ang mamamahala sa lahat mong gagawin; huwag mong padungisan sa iba ang iyong karangalan.

²⁴ Kapag natupad na ang mga araw ng iyong buhay at malapit na ang kamatayan at ipamahagi mo ang iyong pamana.

Ang iyong mga alipin

²⁵ Para sa asno ang kumpay, latigo at dalahin; para sa alipin ang tinapay, pangaral at paggawa.

²⁶ Asikasuhin mo ang paggawa ng iyong alipin at nang makapagpahinga ka. Kapag pinabayaan mo siya, maghahangad siya ng kasarinlan. ²⁷ Pamatok at riyenda ang pumipigil sa leeg. Para sa masamang alipin, ang pagpapahirap at mga tanikala.

²⁸ Pagawin mo siya at nang hindi siya maging tamad; nagtuturo ng katamaran ang maraming kasamaan. ²⁹ Bigyan mo siya ng gawaing narapat sa kanya; at kung hindi siya tumalima, tanikalaan mo ang kanyang mga paa.

³⁰ Ngunit huwag kang magmamalabis kani-numan at huwag gagawa ng anumang hakbang na walang pag-unawa.

³¹ Mayroon ka bang alipin? Ituring mo siyang kagaya mo, sapagkat nabili mo siya sa dugo.

³² Mayroon ka bang alipin? Pakisamahan mo siya gaya ng isang kapatid. Kailangan mo siya na gaya ng iyong sarili. ³³ Kung maging malupit ka sa kanya at siya'y lumayas, saan mo siya hahanapin?

Mga panaginip

34 • ¹ Ang mga hangal ang mahilig sa mga madaya at walang kabuluhang asa; napapadala sila sa pakpak ng panaginip.

² Ang mga naniniwala sa panaginip ay katulad ng nanghuhuli ng anino o humahabol sa hangin. ³ Larawan lamang ang nakikita sa panaginip; nasa tapat na tao ang sarili niyang larawan.

⁴ Anong malinis na bagay ang manggagaling sa marumi? Anong katotohanan ang manggagaling sa kabulaanan? ⁵ Walang saysay ang mga hula, pangitain at panaginip na gaya ng mga guniguni ng isang manganganak na babae.

⁶ Maliban na lamang kung isinugo iyon ng Kataas-taasan, huwag mo iyong pahalagahan. ⁷ Sapagkat marami na ang nailigaw ng mga panaginip at nangapahamak ang mga umasa dito.

⁸ Kaiba ang Batas, hindi nagbubulaan at laging totoo. Ganap ang karunungan mula sa matapat na bibig ng Diyos.

⁹ Maraming nalalaman ang nakapaglakbay, nagsasalita nang may kabuluhan ang taong may malawak na karanasan. ¹⁰ Kaunti ang nalalaman ng di-nasusubok; bihasa naman sa

maraming bagay ang nakapaglakbay. ¹¹ Marami na akong nakita sa aking mga paglalakbay at higit pa sa masasabi ko ang aking natutuhan. ¹² Madalas akong mabingit sa kamatayan ngunit nakaliligtas dahil sa aking karanasan.

¹³ Mabubuhay ang espiritu ng mga may pitagan sa Panginoon, sapagkat nasasalig ang kani-lang pag-asa sa kanya na siyang magliligtas sa kanila.

¹⁴ Hindi nababagabag ng anuman ang may pitagan sa Panginoon. Hindi siya nanginginig sapagkat ang Panginoon ang kanyang pag-asa. ¹⁵ Mapalad ang taong may pitagan sa Panginoon. Kanino ba siya dumudulog? Sino ang umaalalay sa kanya?

¹⁶ Nakatunghay ang mga mata ng Panginoon sa mga nagmamahal sa kanya. Siya ang kani-lang pinakamalakas na pananggalang, matibay na alalay, kanlungan sa mainit na hangin at sa araw kung katanghalian. Siya ang patnubay upang huwag matisod at mabuwal. ¹⁷ Nagpapasigla siya ng kalooban at nagpapakislap sa mga mata; siya ang nagbibigay ng kalusugan, buhay at pagpapala.

Mga alay na kalugud-lugod sa Diyos

• ¹⁸ Marungis para sa Diyos ang alay na galing sa masamang paraan; hindi kalulugdan ng Panginoon ang handog ng makasalanan.

¹⁹ Hindi kalulugdan ng Kataas-taasan ang alay ng mga tampalasan. Hindi sa dami ng biktima kaya sila mapatatawad sa kanilang kasalanan.

²⁰ Ang nag-aalay sa Diyos ng ari ng dukha ay katulad ng isang pumapatay ng anak sa harap ng ama nito.

²¹ Buhay ng mahihirap ang pagkain ng mga maralita; ang kumukuha niyon ay isang mamamatay-tao. ²² Pumapatay ng kanyang kapwa ang nagkakait ng ikabubuhay nito; nagpapadanak ng dugo ang nagkakait ng sahod sa manggagawa.

²³ Kapag nagtayo ang isa at giniba naman ng iba, may pakikinabangin ba

• **34.1** Labis na pinahahalagahan ang mga panaginip nang mga panahong iyon sa Israel. Laban dito ang reaksiyong ito. Hindi pinabubulaanan ng sumulat na sa ilang pagkakataon, maaaring patnubayan o babalaan ng Diyos sa panaginip ang sumasampalataya, itinuturo niya na di dapat gawing gabay ang panaginip: ang pagtupad sa Batas ng Diyos

ang tiyak na landas (tingnan ang komentaryo sa Gen 37).

• 18. Ito ang lubos na nagpapasiklab ng galit ng banal na may-akda: matapos agawan ang mga aba, pumupunta sa Templo ang mayaman para mag-alay ng mamamahaling mga handog.

sila liba sa kaguluhan? ²⁴ Kung nagdarsal ang isa at nagtutungyaw ang iba, sino ang diringgin ng Panginoon?

²⁵ Kung maghugas ang isang tao pagkahipo sa isang bangkay at muli niyang hipuin ito, bakit pa siya naghugas?

²⁶ Kung mag-ayuno ang isang tao dahil sa kanyang mga kasalanan at muli siyang gumawa ng pagkakasala, sino ang makikinig sa kanyang panalangin? Ano ang kabuluhan ng kayang pag-aayuno?

35 ¹ Katumbas ng maraming paghahandog ang pagtupad sa Batas. Isang handog ng mabuting pagkasama-sama ang pagtalima sa mga kautusan. ² Paghahandog ng mainam na arina ang kagandahang-loob; pag-aalay ng papuri ang pagkakawang-gawa.

³ Kinalulugdan ng Panginoon ang pag-iwas sa masama; katulad ng handog dahil sa kasalanan ang pag-iwas sa gawang di-makatarungan.

⁴ Huwag kang haharap sa Panginoon nang walang dala; ipinag-uutos ang pagdadala ng handog.

⁵ Kapag sinunog sa altar ang alay ng makatarungan, tumutulo ang taba at pumapailanlang sa Kataas-taasan ang mabangong halimuyak.

⁶ Kinalulugdan ng Panginoon ang handog ng taong makatarungan at hindi iyon malilimutan.

⁷ Parangalan mo ang Panginoon nang taos-puso at huwag ipagdamot ang mga unang bunga ng iyong ani.

⁸ lalay mo ang iyong mga handog nang may masayang mukha at ibigay ang ikasampung bahagi ng iyong kita nang may kagalakan.

Hindi magpapaliban ang Panginoon

• ⁹ Magbigay ka sa Kataas-taasan nang ayon sa ibinigay niya sa iyo; ¹⁰ bukas-palad kang maghandog sa Panginoon nang ayon sa makakaya mo at gagantihan ka niya nang pitong ibayo.

¹¹ Huwag mong tatangkaing suhulan siya ng mga handog sapagkat di niya tatanggapin; huwag kang aasa sa mga handog na galing sa marayang patubo.

• **35.9** Bukas-palad tayong dapat makipag-tulungan sa gastos sa pagsamba, sa kundisyong hindi ito paraan upang kaligtaan natin ang ating mga responsabilidad sa kawalan ng katarungan sa daigdig na ating ginagalawan. Nalulugod ang Panginoon sa ating mga sakripisyo, subalit pinakikinggan niya nang

¹² Ang Panginoon ay isang hukom na walang kinikilingan. ¹³ Hindi niya inaaba ang mahirap, dinirinig niya ang daing ng mga inaapi. ¹⁴ Hindi niya tinatanggi ang pagsusumamo ng ulila o ng biyuda. ¹⁵ Hindi ba't ang luhang dumadaloy sa pisngi nito ay sumisigaw laban sa nagpadaloy niyon?

¹⁶ Pinakikinggan ang buong pusong naglilingkod sa Diyos; makararating ang kanyang panawagan hanggang sa langit.

¹⁷ Naglalagos sa ulap ang panalangin ng aba, at hindi siya tumitigil hanggang di naririnig. ¹⁸ Hindi mahihinto ang kanyang pagdalangin hanggang di siya tinutungan ng Kataas-taasan, at iginagawad ang katarungan sa mga matuwid.

¹⁹ At hindi magpapaliban ang Panginoon, ni pagbibigyan niya ang tampalasan. ²⁰ Dudurugin niya ang gulugod ng malulupit at paghihigantihan ang mga bansa; ²¹ ganap niyang lilipulin ang pulutong ng mararahas at wawasakin ang kapangyarihan ng mga tampalasan. ²² Gagantihan niya ang bawat isa ayon sa kanyang gawa at hahatulan ang mga gawa ng lahat ng tao ayon sa kanilang mga tangka. ²³ Naigagawad niya ang katarungan sa kanyang bayan at nakapagdidiwang sila dahil sa kanyang habag.

²⁴ Pagpalain ang kanyang habag sa panahon ng ligalig! Katulad ito ng mga ulap na may dalang ulan sa panahon ng tagtuyot!

Panalangin para sa bayan ng Israel

36 • ¹ Kahabagan mo kami, Panginoong Diyos ng sanlibutan, at lingapin mo kami; ihagis mo ang iyong takot sa lahat ng bansa.

² Lunat mo ang iyong kamay laban sa

higit sa lahat ang daing ng ulila at tinitingnan ang mga luha ng biyuda.

• **36.1** Kaisa ang sumulat sa kanyang mga kapanahon sa pag-aakalang ang kaligtasan ng mundo ay sa ilalim lamang ng paghahari ng bayang Judio.

mga bansang pagano at nang makilala nila ang iyong kapangyarihan.

³ Ipinamalalas mo sa kanila ang iyong kabanalan sa pagpaparusa mo sa amin, kaya makita nawa namin ngayon ang kadakilaan mo sa kanila.

⁴ Bayaan mong makilala nila, gaya ng pagkakilala namin, na walang ibang Diyos liban sa iyo, Panginoon.

⁵ Magpakita ka ng mga panibagong palatandaan, ng mga bagong kababalaghan; itaas mo ang iyong kamay upang luwalhatiin ang iyong kapangyarihan.

⁶ Pag-alabin mo ang iyong galit at pukawin ang iyong poot, puksain mo ang mga kalaban, lipulin ang mga kaaway.

⁷ Madaliin mo ang araw at alalahanin ang iyong pangako upang maisalaysay namin ang iyong dakilang gawa, ⁸ ubusin ng apoy ang mga nalabi upang mawala ang nagmamalupit sa iyong bayan. ⁹ Durugin ang ulo ng mga namumunong kaaway – ang nagsasabing “kami lamang at walang iba pa.”

¹⁰ Tipunin mo ang lahat ng tribu ng Jacob at ibigay na muli sa kanila ang kanilang pamana na gaya noong una.

¹¹ Kahabagan mo, Panginoon, ang bayang nakilala sa iyong Pangalan, ang Israel na tinawag mong anak na panganay.

¹² Magdalang-habag ka sa banal na lunsod, sa Jerusalem na iyong pinagpapahingahan.

¹³ Puspusin mo ang Sion ng iyong mga

kababalaghan at ang iyong bayan ng iyong kaluwalhatian.

¹⁴ Patunayan mo ang mga ginawa mo sa iyong bayan noong unang panahon at tuparin ang iyong mga pangako.

¹⁵ Gantimpalaan ang mga umasa sa iyo at tupdin ang mga salita ng iyong mga propeta.

¹⁶ Dinggin mo, Panginoon, ang panalangin ng iyong mga lingkod, pakinggan ang mga pari mong nagbibigay ng pagpapala ni Aaron sa iyong bayan. ¹⁷ At malaman nawa ng lahat ng nasa lupa na ikaw ang Panginoon magpakailanman.

Pagpili ng mapapangasawa

¹⁸ Matatanggap ng sikmura ang anumang pagkain, ngunit may pagkaing mas masarap kaysa iba.

¹⁹ Kung paanong nakikilala ng panlasa ang karneng kinatay sa pangangaso, hindi nalilingid ang kasinungalingan sa taong matalino.

²⁰ Ang dulot ng pusong liko ay kapighatian, ngunit naibabalik iyon ng taong may karanasan.

²¹ Matatanggap ng babae ang sinumang asawa, ngunit may babaeng higit na maigi kaysa iba pa.

²² Nagpapaligaya sa mukha ang kagan-dahan ng babae, higit iyon sa lahat ng hangarin ng mga tao.

²³ Pinakamapalad sa lahat ng lalaki ang may asawang mabait at malumanay mangusap.

²⁴ Nagtatamo ang lalaki ng unang kayamanan sa pagtatamo sa asawa niya na kasamang tulong at haliging sinasandigan siya.

²⁵ Nasisira ang halamanang walang bakod; malungkot na taong-gala ang lalaking walang asawa.

Makatutulong pa rin sa atin hanggang ngayon ang katiyakang ito na nagpasigla sa kanya. Nagtitiwala siya sa mga pangako ng mga propeta: igagawad ng Diyos ang katarungan, titipunin niya ang lahat ng nakakalat niyang anak.

Ang pag-asang ito ang naging lakas ng bayang Judio sa tuwina. Nagkawatak-watak sila matapos kay Kristo ayon sa propesiya nito sa Ebanghelyo. Pagkatapos, sa daigdig na binibigyang-katwiran ng panrelihiyong panatisismo ang paglalaban ng mga tao, sinamampalad silang maging minority sa mga Kristiyanong bansa, at sila ang karaniwang mga biktima ng alitan. Ngunit sa pananalig sa mga pangako ng Diyos at sa katiyakang ng kanilang bukod-tanging bokasyon, malimit nilang nalalabanan ang pagkatapon at pagkalagom. Ipinakikita sa atin ng Bagong Tipan na natupad

kay Jesus ang lahat ng pangako ng Diyos sa kanyang bayan. Batay sa katiyakang ito, kailangan nating suriing muli ang mga salita ng Diyos: noong una, waring nakasentro ang lahat ng ito sa pagkakaloob sa Israel ng materyal na lupa na sakop ng Palestina. Ipinakikita ng mga propeta na hindi gayong kasimple ang mga bagay-bagay, at itinuro ni Jesus sa kanyang mga apostol na ang buong kasaysayan ng pagliligtas ay isang pagkakasunod-sunod ng mga kamatayan at muling pagkabuhay. Ang mga Judiong hindi nakita si Jesus bilang Tagapagligtas ay bumalik siyempre sa nasyonalismo ng mga naunang taon, tulad ng nakikita ngayon sa Palestina. Ito ang presyo ng kanilang Judiong pagkakakilanlan, maliban kung kabilang sila sa mga kilusang panrelihiyon na naghihintay pa sa pagdating ng isang Mesiyas.

²⁶ Sino ang magtitiwala sa isang tusong mag-nanakaw na palibut-libot sa bayan-bayan? ²⁷ At sino ang magtitiwala sa isang taong walang pugad at nakikituloy lamang kung saan abutin ng gabi?

Mga kaibigan at tagapayo

37 ¹ Ang lahat ng kaibigan ay nagsasabi: “Ako’y iyong kaibigan,” ngunit may mga kaibigan sa pangalan lamang.

² Hindi ba isang kapighatiang nakamamatay kung maging kaaway mo ang isang kasama o kaibigan?

³ O hangaring masama! Saan ka nanggaling upang palaganapin sa lupa ang panlilinlang?

⁴ May kasamang nagsasamantala sa tagumpay ng kanyang kaibigan; sa panahon ng kagipitan ay kakalabanin na siya. ⁵ May kasamang nagmamalasakit sa kaibigan dahil sa pagkain; sa sandali ng labanan, ipinagtanggol ang kanyang sarili.

⁶ Huwag kaligtaan ang isang kaibigan o kalimutan siya kung ikaw ay yumaman.

⁷ Nagpapayo ang lahat ng tagapayo ngunit naghahangad ang iba para sa kanilang sariling kapakinabangan.

⁸ Mag-ingat ka sa nagpapayo, baka ka niya pagsamantalahan; mag-isip-isip ka muna kung ano ang kanyang kakulangan sapagkat aala-gaan niya ang sarili.

⁹ Marahil ay sasabihin niya sa iyo: “Nasa tama kang daan,” habang minamasdan niya kung ano ang mangyayari sa iyo.

¹⁰ Huwag sumangguni sa di-tapat na tao, ilihim mo ang iyong mga balak sa mga naiinggiti sa iyo.

¹¹ Huwag magtanong sa ibang babaeng tungkol sa kanyang karibal, o sa duwag tungkol sa digmaan, o sa mangangalakal tungkol sa negosyo, o sa mamimili tungkol sa ipinagbibili, o sa mainggiting tao tungkol sa pagpapasalamat o sa tuso tungkol sa kagandahang-loob, o sa tamad tungkol sa anumang uri ng gawain, o sa upahang manggagawa tungkol sa pagtatapos ng gawain, o sa tamad na katulong tungkol sa kanyang magagawa. Huwag kang magtiwala sa anumang payo ng ganitong mga tao.

¹² Sa halip, makisama ka sa isang taong maka-Diyos na nalalaman mong masunurin sa mga utos, may damdaming katulad ng sa iyo at makikiramay sa iyo kung ikaw ay mabigo.

¹³ Sa huli, panghawakan mo ang payo ng

sarili mong puso sapagkat walang ibang higit na mapagkakatiwalaan kundi ang sa iyo.

¹⁴ Kalimitang higit pang nakapagbibigay ng babala sa tao ang kanyang sariling budhi kaysa pitong bantay na nakapuwesto sa mataas na tore.

¹⁵ Higit sa lahat, dumalangin sa Maykapang-yarihan na akayin niya ang iyong mga paa sa katotohanan.

¹⁶ Pagsisimula ng kahit anumang gawain ang isipin; nauuna sa bawat kilos ang balak.

¹⁷ Nakakagalaw ang isipan sa apat na dako; ¹⁸ kabutihan, kasamaan, buhay at kamatayan, at laging ang dila ang may kapangyarihan sa kanila.

¹⁹ May taong marunong na nakapagtuturo sa marami ngunit walang silbi sa kanyang sarili.

²⁰ May taong nagkukunwaring marunong na mamumuhi sa huli at mamamatay siya sa gutom, ²¹ sapagkat hindi siya kinilingan ng Panginoon at wala siyang karunungan.

²² Mayroon namang marunong sa ganang sarili; siya mismo ang nagsasamantala sa kanyang katalinuhan.

²³ Tinuturuan naman ng tunay na marunong ang kanyang bayan, at tinatamasa nila ang mga bunga ng kanyang kaalaman.

²⁴ Puspos ng pagpapala ang taong marunong; itinuturing siyang mapalad ng lahat ng makakita sa kanya.

²⁵ Bilang ang mga araw ng buhay ng tao, ngunit hindi mabibilang ang mga araw ng Israel.

²⁶ Ang taong marunong ay pinagkakatiwalaan ng kanyang bayan; mabubuhay magpakailanman ang kanyang pangalan.

²⁷ Anak ko, subukin mo ang sarili habang nabubuhay ka; tingnan kung ano ang nakasasama at iwasan mo ito.

²⁸ Sapagkat hindi ikinabubuti ng lahat ng tao ang lahat ng bagay, at hindi nasisiyahan ang bawat isa sa bawat bagay.

²⁹ Huwag maging matakaw sa lahat ng kasayahan, o magpakalabis sa anumang pagkain; ³⁰ sapagkat humahantong sa pagkakasakit ang labis na pagkain, at ang katakawan ay nagbunga ng di pagkatunaw ng kinain. ³¹ Marami nang namatay sa labis na pagkain; humahaba ang buhay ng marunong magpigil.

Ang maggagamot

38 • ¹ Igalang mo ang manggagamot yamang kailangan mo ang kan-

• **38.1** Dapat tayong magdasal para gumaling sa sakit, pero hindi binabale-wala ang tulong ng mga doktor, gaya ng ginagawa ng iba. Maliwanag itong sinasabi ng Biblia.

yang pagtingin at ang Diyos na rin ang lumikha sa kanya.

² Galing sa Kataas-taasan ang pagpapagaling; ipinagkaloob nga ito ng Hari.

³ Itinaas ng kanyang sariling kadalubhasaan ang manggagamot; hinahangaan siya ng mga makapangyarihan.

⁴ Gumawa ang Panginoon ng mga halamang-gamot na tumutubo sa lupa, at ang mga ito'y hindi hinahamak ng matinong tao.

⁵ Alalahaning sa pamamagitan ng isang pirasong kahoy ay dinalisay niya ang tubig upang makilala ng mga tao ang kanyang kapangyarihan.

⁶ Siya ang nagkaloob ng kaalaman sa mga tao upang papurihan ang kanyang sariling kapangyarihan; ⁷ ginagamit iyon ng manggagamot upang makapagpagaling at makapag-paginhawa, ng kimiko upang magtimpla ng mga gamot. ⁸ Sa gayong paraan ay di natitigil ang paggawa ng Panginoon upang mapanatili ang kalusugan sa ibabaw ng lupa.

⁹ Anak ko, kung may sakit ka, huwag kang mabalisa; idalangin mo sa Panginoon na pagalingin ka niya. ¹⁰ Layuan mo ang kasalanan at ituwid ang iyong mga daan; linisin ang iyong puso sa lahat ng pagkakasala.

¹¹ Mag-alay ng kamanyang at ng pinong arinang pang-alaala sa Panginoon, gayundin ng mga alay na abot ng iyong kakayahan. ¹² Pagkatapos ay kumonsulta ka sa manggagamot na itinatag ng Panginoon. Huwag mo siyang ipagwalam-bahala - kakailanganin mo siya. ¹³ May panahong nakasalalay sa mga manggagamot ang mabuting kalusugan. ¹⁴ Sila rin ang dumadalangin sa Kataas-taasan na ipagkaloob sa kanila ang paglunas sa iyo at iligtas ang iyong buhay.

¹⁵ Humantong nawa sa mga kamay ng manggagamot ang nagkakasala sa Maykapal.

Pamimighati

¹⁶ Anak ko, tangisan mo ang namatay,

umiyak ka upang ipakilala ang iyong pamimighati; ilibing ang patay nang angkop sa kalagayan nito at huwag pabayaang ang kanyang puntod.

¹⁷ Umiyak nang buong kapaitan, tumangis nang mataimtim; magluksa ayon sa kalagayan ng namatay sa loob ng isa o dalawang araw, upang hindi mapintasan, at pagkaraan ay aliwin mo ang iyong pagdadalamhati.

¹⁸ Makamamatay rin ang kalungkutan, at walang sigla ang ulilang puso.

¹⁹ Tapusin mo ang iyong pagdadalamhati sa oras ng libing, sapagkat mahirap bathin ang namimighating buhay.

²⁰ Huwag padala sa kalungkutan; ilayo iyon at alalahanin ang iyong kinabukasan.

²¹ Tandaan mo: Walang pagbabalik! Hindi ka na makatutulong sa patay, kundi makasama pa sa iyo.

²² Alalahanin mo ang aking pangungusap na maaaring maging iyo rin: Ako'y kahapon at ikaw ngayon!

²³ Kapag namamahinga na ang tao, bayaan mong mamahinga na rin ang kanyang alaala; huwag mo nang ipamighati ang kanyang pagyao.

Ang manggagawa at ang marunong na tao

²⁴ Natatamo ng tagasulat ang karunungan sa oras ng kawalang-gawain. Magiging marunong ang walang pinagkakaabalahan.

²⁵ Paanong magiging marunong ang taong humahawak ng araro? Nagyayabang siya sa pagwawasiwas ng latigo; pinapalakad niya at pinapagtatrabaho ang mga baka; wala siyang masalita kundi ukil sa mga hayo. ²⁶ Ang tanging iniisip niya ay pag-aararo ng mga tudling at nagbabantay upang patabain ang mga baka.

²⁷ Ganyan din ang lahat ng panday at manggagawa na araw at gabi sa trabaho, at ang mga tagaukit ng pantatak. Abala sila sa bagong hubog, sa pagtulad sa huwaran, at naglalamay para mapaganda ang gawa.

²⁸ Ganyan din ang panday sa harap ng palihan. Pinupukpok niya ang bakal at napaso ang kanyang mukha sa init ng pugon. Nakakabingi ang ingay ng martilyo subalit nakatuon ang kanyang pansin sa kinokopyang huwaran. Pinaghuhusay niya ang trabaho at nagpupuyat siya para mapaganda ito.

²⁹ Ganyan din ang magpapalayok na nakaupo sa harap ng kanyang ginagawa, pinaiikot ng kanyang mga paa ang gulong, laging abala sa kanyang hinuhubog, bawat galaw ay pinakai-ingatan. ³⁰ Minamasa niya ang putik sa kamay at pinalalambot sa kanyang mga paa. Abala

siya sa pagpapahid ng pampakintab at naglalamay sa paglilinis ng pugon.

³¹ Lahat ng artesanong ito ay umaasa sa husay ng kanilang kamay, at marunong sila sa iba't ibang gawain. ³² Kung wala sila ay walang lunsod na maitatayo; walang makapaninirahan o makapaglalakbay doon.

³³ Ngunit hindi sila matatagpuan sa mga kapulungang-bayan, ni hindi pinakikinggan ang kanilang mga salita sa kapulungan. Hindi sila makauupo sa luklukan ng mga hukom at wala silang kaalaman tungkol sa Batas ng Tipan. ³⁴ Hindi sila natatanghal dahil sa pinag-aralan o katalinuhan at di sila kabilang sa nagsusulat ng mga salawikain.

Bagamat sila ang nagpapatatag sa sangkalikasan, ang kanilang panalangin ay para lamang sa kanilang gawain.

39 ¹ Malaki naman ang kaibhan ng taong nag-uukol ng sarili sa pag-aaral sa Batas ng Kataas-taasan. Sinasaliksik niya ang karunungan ng mga pantas noong unang panahon at pinag-aaralan ang mga pahayag ng mga propeta sa sandali ng kanyang pamamahinga.

² Iniingatan niya sa isip ang mga sinabi ng mga kilalang tao at tinatarok ang hiwaga ng mga parabula. ³ Hinahanap niya ang nakatagong kahulugan ng mga salawikain at mahilig siya sa mga lihim ng mga parabula.

⁴ Naglilingkod siyang katabi ng mga dakilang tao at makikitang kasalamuha ng mga puno. Naglalakbay siya sa iba't ibang lupain at nararanasan niya ang mabuti at ang masama sa sangkatauhan.

⁵ Maaga pa ay handa na ang kanyang puso sa pagharap sa Panginoong lumikha sa kanya at pagsusumamo sa Kataas-taasan. Binubuksan niya ang mga labi sa pagdarasal upang ihingi ng kapatawaran ang kanyang mga kasalanan.

⁶ Kung mamarapatin ng Dakilang Panginoon, mapupuspos siya ng espiritu ng pagkaunawa. Bibigkasin niya ang mga salita ng karunungan at magpupuri siya sa Panginoon habang nagdarasal. ⁷ Itutuwid nito ang kanyang kahalutan at kaalaman, at mag-iisip-isip siya sa mga nakatagong hiwaga ng Panginoon.

⁸ Iwawasto niya ang bayan sa pagpapahayag ng kanyang aral at bibigyang-dangal ang Batas ng Panginoon.

⁹ Marami ang pupuri sa kanyang kaalaman at di siya malilimutan kailanman. Hindi mapapawi ang kanyang alaala at mabubuhay ang kanyang pangalan sa sali't saling lahi.

¹⁰ Kikilalanin ng mga bansa ang kanyang

karunungan at ipagkakapuri ng kapulungan ang kanyang karangalan.

¹¹ Habang nabubuhay, mamumukod ang kanyang pangalan sa sanlibong iba pa, at sapat na iyon sa kanya kung siya'y mamatay.

Mabuti ang lahat ng ginawa ng Diyos

¹² Marami pa akong iniisip na ibahagi, sapagkat puspos ako na tulad ng buwan sa kanyang kabilugan.

¹³ Making kayo, mga banal na anak, upang mamukadkad na tulad ng rosas sa tabi ng batis.

¹⁴ Humalimuyak kayong tulad ng kanyang bango; magsipamulaklak at isaboy sa hangin ang bango na tulad ng liryo; awitan ninyo ng papuri at luwalhatiin ang Panginoon sa lahat niyang ginawa.

¹⁵ Ipagbunyi ninyo ang kanyang pangalan at buong pasasalamat na ipahayag ang kanyang kapurihan sa pamamagitan ng awit at lira. ¹⁶ Napakabuti ng lahat ng ginawa ng Panginoon! At matutupad ang lahat ng utos niya sa takdang panahon.

Walang makapagsasabi: "Ano ito? Bakit gayon?" ang lahat ay dapat pag-aralan sa kaniyang panahon.

¹⁷ Sa kanyang salita tumigil ng pag-agos ang tubig at nabunton; sa kanyang tinig nabubuksan ang imbakan ng mga tubig; ¹⁸ sa kanyang utos ay natutupad ang lahat niyang ibig, at walang nakahahadlang sa kanyang pagliligtas.

¹⁹ Nasa kanyang harapan ang gawain ng lahat ng tao, walang nalilingid sa kayang paningin; ²⁰ nakikita niya ang lahat mula sa pasimula hanggang sa kawalang-hanggan at walang katakataka sa kanyang paningin.

²¹ Walang dapat magsabi ng: "Ano iyon? Bakit ganito?" sapagkat nilikha ang bawat bagay na may sariling layon.

²² Umaapaw ang kanyang pagpapala sa lahat ng bagay at parang ilog na bumababa at dumidilig sa lupa. ²³ Ganyan din naman ibubuhos niya ang kanyang poot sa mga bansa, at magiging maalat ang tubig-tabang.

²⁴ Sa mga banal ay matutuwid ang kanyang mga daan; sa mga tampalasan ay puno ng katitisan. ²⁵ Sa simula pa'y nilikha ang mabubuting bagay para sa mabubuting tao at ang masasamang bagay para sa mga tampalasan.

²⁶ Ang unang pangangailangan sa buhay ng tao ay ang tubig, apoy, bakal at asin, arina, gatas, pulot-pukyutan, katas ng ubas, langis at damit.

²⁷ Nakakabuti ang lahat na ito sa mabubuti, at nakakasama naman sa mga makasalanan.

²⁸ May mga hanging nakalaan sa pagpa-

parusa, panghagupit niya sa panahon ng poot. Ibbuhos ang kanilang dahas upang paglubagin ang poot ng Lumikha sa kanila.

²⁹ Sa pagpaparusa inilaan ang apoy, graniso, salot at kamatayan.

³⁰ Ang pangil ng mababangis na hayop, kamandag ng mga alakdan, at ulupong, at ang mapaghiganting tabak ay pawang panlipol sa mga tampalasan. ³¹ Malugod na sumusunod ang mga iyon sa kanyang ipinag-uutos, laging handa kung kinakailangan at sa takdang panahon ay di susuway sa kanyang salita.

³² Sa gayong dahilan kaya ako matatag nang mag-isip at sumulat sa simula pa:

³³ “Ang mga ginawa ng Diyos ay pawang mabubuti at makatutugon sa pangangailangan sa tamang panahon.

³⁴ Hindi maaaring sabihin: ‘Ito ay lalong masama kaysa roon,’ sapagkat ang lahat ng bagay ay may halaga sa takdang panahon.

³⁵ Kaya ngayon, umawit kayo nang taospuso at buong sigla, at magpuri sa Pangalan ng Panginoon.”

Mga kasayahan at hapis ng buhay

40 ¹ Isang malaking hirap ang ipinataw sa lahat ng tao, isang mabigat na pamatok ang nakaatang sa mga anak ni Adan mula sa araw na sila’y iluwal sa sinapupunan ng kanilang ina hanggang sa araw ng pagbabalik sa lupang ina nating lahat.

² Nasa kanilang isipan ang haharapin, at pinangangambahan nila ang araw ng kamatayan.

³ Mula sa nakaupo sa trono sa luwalhati hanggang sa nakalugmok sa alabok at abo, ⁴ mula sa may putong at damit na purpura hanggang sa nakasuot ng sako – may poot, inggit, gulo at pagkabalisa, takot sa kamatayan, alitan at pag-aaway.

⁵ At sa oras ng pahinga, taglay ng pagtulog ang panibagong pangamba: ⁶ kapapahinga pa lamang ay kaagad silang nababalisa ng masasamang panaginip na sinliwanag ng tanghali at wari’y takas sila mula sa labanan. ⁷ Sa paggising nila, pagtatakhang wala palang sukat ikatakot.

⁸ Ang lahat ng nilalang, tao man o hayop, at ang mga makasalanan, nang makapitong ibayo, ⁹ ay may kamatayan, pagdanak ng dugo, alitan, labanan, sakuna, gutom, pagdaralita at salot. ¹⁰ Ang lahat ng ito’y ginawa para sa mga lumalabag sa Batas gayundin ang baha na pinasapit sa kanila.

¹¹ Sa lupa magbabalik ang lahat ng nanggaling sa lupa at sa dagat uuwi ang nagmula sa tubig.

¹² Mawawala ang lahat ng panunuhol at pang-aapi ngunit mananatili kailanman ang katapatan.

¹³ Magiging tulad ng natuyong batis ang mga kayamanang galing sa pang-aapi. Biglaan ang paglalaho nila tulad ng dagundong ng buhos ng ulan.

¹⁴ Magagalak ang may mabuting-loob ngunit mapapawi ang mga makasalanan.

¹⁵ Kaunti lamang ang magiging sanga ng supling ng mga walang takot sa Diyos; mananatili sa lupang mabato ang mga di-malinis at walang-ingat. ¹⁶ Unang mabubunot kaysa ibang halaman ang tambong tumutubo sa tabi ng kahit na anong tubig o alinmang pampang.

¹⁷ Ang kabutihan ay tulad ng hardin ng pagpapala; ang kawanggawa’y mananatili kailanman.

¹⁸ Maginhawa ang buhay ng isang taong malaya at may sariling hanapbuhay, ngunit higit na mapalad ang isang nakatuklas ng kayamanan.

¹⁹ Magtatagal ang pangalan ng taong may mga anak o nakapagtayo ng isang bayan, ngunit higit na mabuti ang nakapagtamo ng karunungan.

Makikilala ang may mga bakahan at tani-man, ngunit higit na pagpapala ang isang butihing maybahay.

²⁰ Nakapagpapaligaya sa puso ang alak at musika, ngunit higit ang pag-ibig sa karunungan.

²¹ Ang plawta at lira ay nagdudulot ng magandang tugtugin, ngunit higit na nakawiwili ang kaiga-igayang tinig.

²² Kalugod-lugod sa mata ang kagandahan at alindog, ngunit higit ang sariwang tanim sa kaparangan.

²³ Laging mabuti sa magkakaibigan at magkakasama ang nagkikita, ngunit higit na mabuti para sa mag-asawa.

²⁴ Makatutulong ang mga kapatid at tagakupkop sa panahon ng kagipitan, ngunit higit na makapagliligtas ang kawanggawa.

²⁵ Ang ginto at pilak ay nakapagpapatatag ng kabuhayan, ngunit lalong mahalaga ang mabuting payo.

²⁶ Ang kayamanan at kapangyarihan ay nagpapalakas ng loob, ngunit higit na pinahalalagan ang pitagan sa Panginoon.

Hindi mawawalan ang may pitagan sa Panginoon; at hindi siya mangangailangan ng iba pang tulong.

²⁷ Ang pitagan sa Panginoon ay parang isang hardin ng pagpapala; nilulukuban nito ang tao nang higit kaysa alinmang kaluwalhatian.

²⁸ Anak ko, huwag kang magpapalimos; mabuti pa ang mamatay kaysa magpalimos.

²⁹ Kapag nanaghili ang isang tao sa hapag ng iba, hindi siya maituturing na tunay na nabubuhay; nakadudungis sa kanyang karangalan ang paghahangad sa pagkain ng iba. Pakakaiwasan iyan ng matalino at may pinag-aralang tao.

³⁰ Masarap man ang magpalimos sa bibig ng walang kahihyan, sinisilaban pa nito ang kanyang kalooban.

Ang kamatayan

41 ¹ Kamatayan! Anong pait na alalahanin para sa taong nabubuhay nang maligaya sa taglay na kayamanan, maunlad at matagumpay, at nasisiyahan sa kanyang pagkain!

² Kamatayan! Sa taong nangangailangan, nanghihina, matanda at lupaypay, nababalisa, napopoot at wala nang pagasa – mabuti ang iyong atas.

³ Huwag katakutan ang atas ng kamatayan: alalahanin ang mga nauna sa iyo at ang mga susunod pa. ⁴ Iyon ang itinatalaga ng Panginoon sa lahat ng may buhay; bakit ka tututol sa kalooban ng Kataas-taasan?

Mabuhay man ang tao nang sampu o sanlibong taon, walang halaga iyon sa daigdig ng mga patay.

⁵ Kasuklam-suklam na lahi ang mga anak ng makasalanan, na nangatuto sa mga bahay ng tampalasan.

⁶ Mawawala ang mana ng mga anak ng makasalanan; laging dudustain ang kanilang lahi.

⁷ Sisihihin ng mga anak ang tampalasang ama, sapagkat ito ang may pananagutan sa kanilang kahihyan.

⁸ Sawimpalad kayo, mga taong tampalasan na nagtakwil sa batas ng Kataas-

taasan! ⁹ Ipinanganak kayong sinumpa, at sinumpa pa rin sa inyong kamatayan.

¹⁰ Sa lupa magbabalik ang lahat ng nanggaling sa lupa, at sa pagkawasak pauwi ang mga tampalasang nanggagaling sa sumpa.

¹¹ Ipinamimighati ng tao ang pagkawala ng katawan, ngunit ang makasalana'y mawawalan din ng pangalan.

¹² Pangalagaan ang iyong pangalan sapagkat mananatili iyon kailanman, mahalaga pa iyon kaysa libong kaban ng kayamanan. ¹³ Maikli lamang ang mga araw ng isang mabuting tao, subalit mabubuhay magpakailanman ang marangal na pangalan.

Ang tunay at ang maling kahihyan

¹⁴ Mga anak ko, makinig kayo sa mga pangaral ko at mamuhay sa kapayapaan. Ano ang pakinabang sa nakatagong karunungan at dinakikitang kayamanan?

¹⁵ Mas mabuti ang taong nagtatago ng kamangmangan kaysa taong nagtatago ng karunungan.

¹⁶ Kaya mahiya kayo ayon sa aking mga sasabihin.

Huwag kayong mahiya sa kahit ano lamang, sapagkat hindi wasto ang palagay ng bawat isa.

¹⁷ Ikahiya sa harap ng ama at ina ang kalaswaan, at sa pinuno o makapangyarihan ang kasinungalingan.

¹⁸ Ikahiya sa harap ng isang hukom ang paglabag sa batas at sa harap ng kapulungang-bayan ang di-matuwid na gawa.

¹⁹ Ikahiya ang pagtataksil sa harap ng kasama o kaibigan, at ang pagnanakaw sa lugar na iyong tinitirhan.

²⁰ Ikahiya sa harap ng katotohanan ng Diyos at sa kanyang tipan ang iyong pagdaramot ng pagkain, ²¹ ang di-pagbibigay at pagtanggap tumanggap, ang di pagtugon sa bumabati,

²² and pagtitig sa babaeng bayaran, ang pagtalikod sa isang kababayan.

²³ ang pagkakait sa iba ng ari nila, ang pagtitig sa asawa ng ibang tao,

²⁴ ang maging pangahas sa utusang babae – lumayo ka sa kanyang higaan!

²⁵ ang masasakit na salita sa isang kaibigan –

huwag manumbat matapos magbigay ng handog!

²⁶ ang pag-ulit ng iyong narinig at pagsiswalat ng lihim.

²⁷ Sa ganyang pagkakataon dapat mong maramdaman ang tunay na pagkahiya, at kalulugdan ka ng lahat ng tao.

42 ¹ Huwag ikahiya ang mga ito at baka magkasala ka sa pagsunod sa palagay ng ibang tao. Huwag mong ikahiya

² ang batas ng Kataas-taasan at ang kanyang tipan, ang paggagawad ng katarungan sa mga tampalasan,

³ ang pagtutuos ng gastos sa isang kasa-mang naglalakbay

at ang pamamahagi ng iyong pamana sa mga kaibigan,

⁴ ang pagsusuri sa mga timbangan at panimbang, ⁵ ang pagtutubo maging malaki man o maliit.

Ang pakikipagtawaran sa mga nagbibili at ang paghihigpit sa mga anak, ang pagpaparusa sa katulong na nagkasala.

ang pagtatala ng lahat mong ibinigay at tinanggap;

⁶ Ang kandado kung mayroon kang mapanghimasok na maybahay, at ang susi kung maraming tao ang nakapaligid;

⁷ ang pagbibilang o pagtimbang sa mga ipinagkatiwala mo, at ang pagtatala ng lahat mong ibinigay at tinanggap.

⁸ Huwag mahiyang mangaral sa isang mang-mang o hangal o sa isang matandang uyanin.

Sa gayon ay maipakikilala mong ikaw ay may pinag-aralang tao at igagalang ka ng lahat.

• ⁹ Lihim na alalahanin ng ama ang kanyang anak na babae, bagay na nagiging sanhi ng di niya pagkakatulog:

Bata pa ba siya? Baka ba di siya makapag-asawa? At kung makapag-asawa, baka ba siya kamuhian ng mga bagong pakikisamahan?

¹⁰ Birhen pa ba siya? Baka siya maakit at magdalantao sa bahay ng kanyang ama!

May asawa na ba siya? Baka siya magtaksil o di magkaanak!

¹¹ Sutil ba ang iyong anak na babae? Pakalingatan mo siyang mabuti, baka gawin ka niyang katatawanan sa iyong mga kaaway, tudlaan ng pula ng bayan at kahihyan sa kapulungan.

¹² Huwag maakit sa panlabas na kagandahan at huwag makihalubilo sa mga babae;

¹³ kung paanong ang naninirang kulisap ay nanggagaling sa damit, ang kabuktutan ng babae ay nagmumula sa babae.

¹⁴ Mas mabuti pa ang kabuktutan ng isang lalaki kaysa kabutihan ng isang babae; babae ang nagdudulot ng kahihyan at kadustaan.

IKALAWANG BAHAGI: MGA GAWA NG MAYKAPAL

Ang kadakilaan ng Diyos sa sangkalikasan

• ¹⁵ Ngayon ay aking sasariwain ang mga ginawa ng Panginoon at ipapahayag ko ang aking nakita.

Nanggaling ang mga gawa ng Panginoon sa kanyang mga salita, at sa kanyang kalooban sumusunod ang sangkalikasan.

¹⁶ Tumatanglaw ang araw sa lahat ng bagay at ang kanyang gawa'y pinupuspos din ng kaluwalhatian ng Panginoon.

¹⁷ Ni sa mga Banal ng Panginoon ay hindi niya ipinaalam na lahat ang kanyang mga kahanga-hangang gawa.

Pinagtibay ng Panginoong May-ari ng lahat na itatag ang kanyang kaluwalhatian sa sanlibutan.

¹⁸ Naarok niya ang walang hanggang kala-liman ng puso ng mga tao at natarok niya ang kanilang mga lihim.

Sapagkat taglay ng Kataas-taasan ang

• **42.9** Sa orihinal na teksto ng Sirac na sinulat sa Hebreo, mas mahaba ang bersikulo 9 na nagsasaad na: *Walang mga bintana dapat ang kanyang silid at hindi niya dapat makita ang mga pasukan sa bahay.* Ang ganitong payo ay isa pang patunay ng higit na pagpapahalaga sa lalaki sa kulturang Hebreo, na hindi pinangahasang ipakita ng nagsalin sa Griyego sa kanyang mga mambabasang mas bukas ang isipan. Gaano man ka-inspirado ang mga sumulat ng Biblia, hindi pa rin sila pinalaya ng Diyos sa mga limitasyon ng kanilang kultura sa isang milagrosong paraan.

• 15. Inilalayo ng modernong sibilisasyon ang tao sa kalikasan. Dahil sa kanilang trabaho, marami ang mas nakikita ang ilaw na de-kuryente kaysa araw.

Marami ang hindi na nakaaalam sa katahimikan ni sa mga tinig ng kalikasan dahil pinasok na ng ingay ang lahat. Akala ng iba'y alam na nila ang hiwaga ng sanlibutan dahil sa kaunti nilang nalalaman sa agham. Sa mga siyudad, sa bawat araw ay mas nahihirapan tayong madama ang hiwaga at ganda ng sanlibutan.

Kasintotoo ng pakikipag-usap sa atin ng Diyos sa mga salita ni Kristo ang pakikipag-usap niya sa pamamagitan ng kanyang mga nilikha. Magka-ibang lengguwahe ang mga ito; tulad din ng pangungusap sa atin ng musika na naiiba sa sinasabi ng mga salita. Ang nakakakita sa Diyos sa sanlibutan ay nasasanay ring madiskubre siya sa mahahalagang gawa ng tao; mga dam, kompyuter, mga gusali, mga bagong materyal, atbp. Kabilang din sa paglikha ng Diyos ang galing sa kamay ng tao.

ganap na kaalaman, at iniatas niya ang pagkakaroon ng mga tanda sa kalangitan.

¹⁹ Ipinaaaalam niya ang nakalipas at ang daraming at ibinubunyag ang bakas ng mga nakatagong bagay.

²⁰ Walang kaisipang nakaliligtas sa kanya, walang salitang nalilingid sa kanya.

²¹ Siya ang nagtakda ng mga kahanga-hangang kababalaghan ng kanyang karunungan, na mananatili mula sa kailanman hanggang sa kawalang-hanggan. Walang maidaragdag, walang mababawas at hindi siya nangailangan ng tagapayo.

²² Nakaaakit ang lahat ng kanyang ginawa; tilamsik lamang ng apoy ang ating nakikita.

²³ Mabubuhay ang lahat ng ito at mananatili kailanman; tumatalima ang lahat kahit sa anumang panahon.

²⁴ Lahat ng bagay ay paris-paris - may kabaligtaran ang bawat kalagayan - at wala siyang ginawa na masasabing kulang.

²⁵ Bawat isa'y nagpapatibay sa kabutihan ng isa't isa. Sino ang magsasawa ng paghanga sa kanyang kaluwalhatian?

43 ¹ Ipinagmamalaki ng kaitaasan ang malinaw na papawirin. Napakadakilang tanawin ang anyo ng kalangitan.

² Nagpapahayag ang araw sa kanyang pag-sikat at paglitaw: "Ako ang iyong kahanga-hangang likha, O Kataas-taasan!"

³ Pinatutuyo niya ang lupa sa katanghalian; sino ang makatatagal sa kanyang matinding init?

⁴ Higit kaysa pugong tunawan ng bakal, makaitlong ibayo ang init ng araw na nagpa-paapoy sa mga bundok, nagbubuga ng mainit na singaw at may silahis na nakasisilaw.

⁵ Dakila nga ang Panginoon, na may gawa nito at nag-aatas ng mabilis nitong paglalakbay.

⁶ Nariyan din ang buwan, hustong pananda ng mga panahon at paglipas ng oras. ⁷ Sa luma-lamlam niyang liwanag matapos ang kanyang kabilugan, itinatakda at pinapatnubayan ng buwan ang mga araw ng kapistahan. ⁸ Ang ngalan nito ang pinanggagalingan ng buwan. Kahanga-hanga ang kanyang pagbabago sa paglaki at pagliit. Nagniningning siya sa kalawakan ng langit, liwanag sa kamento ng mga bituin.

⁹ Nagpaparilag sa langit ang ningning ng mga bituing palamuti sa kaitaasan ng Panginoon!

¹⁰ Sa utos ng Diyos, nananatili sila sa kanilang puwesto at di nakalilimot sa pagbantay.

¹¹ Masdan mo ang bahaghari at purihin ang Lumalang nito - tunay na kasiya-siya ang anyo.

¹² Ang langit ay pinapaligiran nito ng isang maluwalhating bilog - isang busog na binanat ng kamay ng Maykapal.

¹³ Sa kanyang utos ay bumabagsak ang niyebe at sumisiklab ang kidlat.

¹⁴ Gayundin lumilipad ang mga ulap na pangrang mga ibon sa pagbubukas niya ng mga kamalig sa langit.

¹⁵ Sa lakas niya't kadakilaan, nadudurog ang mga ulap at nagiging mga batong yelo.

¹⁶ Sa isang sulyap niya'y nanginginig ang mga bundok, nayayanig ang lupa at dumadagundong ang kulog.

¹⁷ Sa kanyang utos ay umiihip ang hangin mula sa timog, gayundin ang mga buhawi't bagyo mula sa hilaga.

¹⁸ Ikinakalat niya ang niyebe na tulad ng mga ibong lumilipad at bumabagsak sa lupa na tulad ng mga balang.

Kahanga-hanga sa paningin ang binusilak nitong kagandahan at nakapagtataka sa isipan ang paglaglag sa lupa.

¹⁹ Ikinakalat niya sa lupa ang nagyelong hamog na tulad ng asin, na nag-aanyong mga tinik sa pagyeyelo.

²⁰ Sa pag-ihip ng hangin mula sa hilaga ay nagiging yelo ang ibabaw ng tubig. Namumuo ang yelo sa lahat ng natitipong tubig na waring binihisan ng baluting malamig.

²¹ Pinapanot niya ang mga bundok at dinadarang ang disyerto, nilalanta ang luntiang damo sa init.

²² Panlunas dito ang patak ng ulan; magpapapanariwa sa mga ito ang hamog na hahalili sa init.

²³ Sa kanyang kapasyahan ay pinayapa niya ang malalim na dagat at pinalitaw ang pulo doon.

²⁴ Isinalaysay ng mga nagsipaglakbay sa dagat ang mga panganib doon at humanga kaming nakinig sa kanilang ipinahayag.

²⁵ Naroon ang mga katangi-tangi at kahanga-hangang bagay, at ang mga iba't ibang uri ng nilalang at napakalalaking halimaw.

²⁶ Sa tulong ng Diyos napapabuti naman ang kanyang sugo, sapagkat nasasakop ang lahat sa kanyang salita.

²⁷ Magpahaba man kami ng pananalita, hindi pa sapat; ang una't huling salita. Siya ang kabuuan.

²⁸ Paano namin siya mapupuri? Siya'y ang Dakila, higit sa lahat ng kanyang ginawa.

²⁹ Siya'y kagila-gilalas at dakilang Panginoon; kahanga-hanga ang kanyang kapangyarihan.

³⁰ Purihin ang Panginoon nang buong makakaya, nakahihigit siya sa iyong pagkadakila.

Ipagbunyi siya nang ubos-lakas, kulang at kulang pa rin ito sa kanya.

³¹ Sino ang nakakita at makapaglalarawan sa kanya? At sino ang makapagpupuri nang karapat-dapat sa kanya?

³² Higit na maraming hiwaga ang nakatago pa; kakaunti lang ang ating nakikita sa kanyang mga ginawa.

Ang Panginoon ang gumawa ng sanlibutan, at siya rin ang nagkakaloob ng karunungan sa mga maka-Diyos.

Papuri sa mga dakilang ninuno

44 • ¹ Purihin natin ngayon ang mga dakilang tao, ang mga ninuno ng ating lahi.

² Pinaglaanan sila ng Panginoon ng malaking kadakilaan ayon sa kanyang sariling kaluwalhatian sa simula pa.

³ May mga namuno sa kanilang kaharian, at napatanyag sa kanilang mga ginawa na, matalinong pumapatnubay ang iba, at nakapagpahayag ang iba bilang propeta.

⁴ Mga puno sila ng bayan sa kanilang pagpapayo at sa kaalaman ng kasulatan ng bayan.

⁵ May mga kumatha ng mga tugtugin at tula, ⁶ ang iba'y mayayaman at makapangyarihang taong may mapalad na sambahayan.

⁷ Iginalang silang lahat sa kanilang kapanganahunan at pinarangalan ng mga taong kapannahon nila.

⁸ Ang ilan sa kanila ay nakapag-iwan ng pangalan at ipinahayag pa ang puri nila.

⁹ Ang iba nama'y hindi na natatandaan; nawala sila na parang hindi nabuhay. Sila'y waring hindi ipinanganak at gayundin ang mga inapo nila.

¹⁰ Hindi ganoon ang mga tapat na taong hindi nalimutan ang mabubuti nilang gawa; ¹¹ sa ka-

nilang mga supling nananatili ang mabuting pamanang galing sa kanila. ¹² Nananatiling matapat sa Tipan ang kanilang lahi at sumunod ang kanilang mga inapo sa kanilang halimbawa.

¹³ Mananatili ang kanilang lahi sa kawalang-hanggan at kailanma'y di madudungisan ang kanilang kaluwalhatian. ¹⁴ Inilibing sa kapayapaan ang kanilang katawan at mabubuhay ang kanilang alaala sa susunod na salinlahi. ¹⁵ Ipa-hahayag ng bayan ang kanilang karunungan at papupurihan sila ng sambayanan.

¹⁶ Ikinalugod ng Panginoon si Enok, kaya dinala siya sa itaas, siyang nanawagan na magsisi ang susunod na salinlahi.

¹⁷ Natagpuang ganap na makatarungan si Noe at naging panubos siya sa panahon ng galit. Dahil sa kanya'y naiwan ang nalabi sa lupa pagkatapos ng baha.

¹⁸ Walang hanggang kasunduan ang ginawa sa kanya na di na papawiin ang lahat ng mga buhay sa pamamagitan ng baha.

Abraham

• ¹⁹ Dakilang ama ng maraming bansa si Abraham at walang sinuang natagpuan na mapapantay sa kanya. ²⁰ Natupad niya ang batas ng Kataas-taasan na nakipagkasundo sa kanya. Itinatak sa kanyang laman ang kasunduang iyon at natagpuan siyang matapat sa araw ng pagsubok. ²¹ Dahil dito'y ipinangako ng Diyos nang may sumpa na pagpapalain ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng kanyang lipi, pararamihing tulad ng mga alabok sa lupa at pararangalan ang kanyang lahi na tulad ng mga bituin. Ipinangako niyang palalaganapin ang kanilang lupa mula sa dagat hanggang sa kabila, magmula sa Ilog hanggang sa mga hanggan ng lupa.

²² Pinagtibay ng Panginoon ang kanyang

• **44.1** Pagkatapos ng awit sa Diyos na ang luwalhati'y nahahayag sa kanyang nilikha, ilalahad sa atin ng sumulat ang gawa ng Diyos sa kayang piling bayang Israel.

Sa tulong ito na papuri sa mga ninuno nakikita natin ang lahat ng tanyag na tao ng Israel: mga hari, mga tagapagpalaya, mga propeta, mga pantas, mga makata. Pina-pansin ng sumulat na maraming magigiting at makatarungan ang namatay at pagkatapos ay hindi na magugunita ang kanilang mga tagumpay at kagalingan. Gayunman, alam ng sumulat na mawala man ang lahat ng inapo ng sinumang tanyag na tao, halimbawa'y si Moises, nasa bayan pa rin ng Israel ang mga pangako ng kawalang-hanggan: "Anuman ang mangyari, magwawagi tayo." Sa aklat na ito wala pa ring palatandaan ng pananampalataya sa muling pagkabuhay ng mga indibidwal na tao (maliban marahil sa 48:11, at nakatuon ang buong pag-asa sa kinabukasan ng bayang hinirang).

• 19. Sa mga sumusunod, ginugunita ni Ben Sirac ang pinakatanyag na mga tao sa banal na kasaysayan. Binibigyan niya ang mga ito ng mas malaki o mas maliit na importansya ayon sa mga pala-palagay ng kanyang panahon. Nabuhay siya sa panahong ang mga pari ang may pinakamahalagang papel at sa Templo umiinog ang buong buhay ng mga Judio. Kayat mas masigasig siyang nangungusap tungkol kina Aaron, Pinhas at Simon II na kilala niya nang personal.

Sa 48:11 at sa Mal 3:24, matutunghayan natin ang paniwala ng mga Judio na babalik si Elias sa panahon ng Tagapagligtas. Para sa mga Judio, si Elias ang taong bumuhay ng mga patay at siyang niloob ng Diyos na di mamatay. Inaasahan ni Ben Sirac na mabubuhay siyang muli upang makita ang maliligayang araw ng kaligtasan.

pangako kay Isaac, alang-alang kay Abraham na kanyang ama. ²³ At saka inilagay niya kay Jacob ang Tipan at ang pagpapala sa sang-katauhan.

Kinilala niya at pinagpala si Jacob na binigyan ng lupang nakalaan sa kanya, at itinakda ang mga bahaging hahatiin para sa labin-dalawang tribu.

Moises

45 ¹ Pinapanggaling ng Panginoon mula sa lahi ni Jacob si Moises, ang tapat na tao na kinalugdan ng lahat at minahal ng Diyos at ng mga tao: pagpalain nawa ang kanyang alaala! ² Niluwalhati siya ng Panginoon na tulad sa mga banal na anghel at ginawa na dakila at nakakatakot sa kanyang mga kaaway. ³ Sa salita ni Moises ay nahinto ang kapahamakan. Pinarangalan siya ng Panginoon sa harap ng mga hari. Ibinigay sa kanya ang mga kautusan para sa kanyang bayan at ipinakita sa kanya nang bahagya ang kaluwalhatian ng Diyos.

⁴ Siya'y tapat at mababang-loob, kaya ibinukod siya sa karamihan ng tao. ⁵ Ipinarinig sa kanya ng Diyos ang sariling tinig, dinala siya sa kadiliman at harap-harapang ibinigay sa kanya ang mga kautusan, ang batas ng buhay at kaalaman upang maituro kay Jacob ang tipan at maipahayag ang mga kautusan sa Israel.

⁶ Itinaas ng Diyos si Aaron, ang kapatid ni Moises, isang banal na taong katulad ni Moises, mula sa tribu ni Levi. ⁷ Gumawa ang Diyos ng walang hanggang tipan kay Aaron at ipinagkaloob sa kanya ang pagkapari sa bayan.

⁸ Binigyan si Aaron ng ganap na karangalan at ng kasuotang sagisag ng kapangyarihan: salawal, kapa at efod. ⁹ Bilang palawit sa kanyang baro ay naglagay ang Panginoon ng mga palamuting granada at mga ginintuang kampanilya upang tumunog sa kanyang paghakang at marinig sa templo bilang pagpapagunita sa mga anak ng kanyang bayan.

¹⁰ Binigyan siya ng mga banal na damit na kulay ginto, bughaw at purpura, na likha ng mga dalubhasa, damit pandibdib na ukol sa pagpapasya, Urim at Thumim, pulang sinulid na gawa ng manghahabi; ¹¹ mga mamahaling bato na may enggasteng ginto na gawa ng platero, may nakaukit na titik ng mga tribu ng Israel upang maging pang-alaala.

¹² Binigyan pa rin siya ng turbanteng may gintong diyadema na kinauukitan ng tatak ng kanyang banal na tungkulin, isang kahanghangang palamuti na mahusay ang pagkakayari at kalugud-lugod sa mata. ¹³ Wala pang nauna kay Aaron na nakakita ng gayong bagay,

walang tagalabas na nakapagsuot ng gayong damit maliban sa kanyang mga anak at inapo.

¹⁴ Ang kanyang mga handog ay palagiang susunugin nang makalawang ulit sa maghapon. ¹⁵ Itinalaga siya ni Moises at pinahiran ng banal na langis. Iyon ay isang walang-hanggang tipan para sa kanya at sa kanyang mga inapo; maglilingkod sila sa Panginoon bilang mga pari at pagpapalain ang bayan sa kanyang ngalan. ¹⁶ Pinili siya sa lahat ng nabubuhay upang mag-alay ng handog sa Panginoon at ng kamanyang bilang pang-alaala sa pagpapatawad sa kasalanan ng mga tao.

¹⁷ Ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon ang mga kautusan at tuntunin upang maituro kay Jacob ang mga banal na salita at maipaliwanag sa Israel ang Batas. ¹⁸ Nakipagsabwatan ang mga taga-labas laban sa kanya at kinainggitan siya sa disyerto - nina Datan, Abiron at kanilang mga tagasunod at ng mga tauhan din ni Kore na lipos ng poot at karahasan. ¹⁹ Nakita ito ng Panginoon at nagalit, at nilipol silang lahat. Nagkaroon ng mga kababalaghan at tinupok sila sa apoy.

²⁰ Dinagdagan ng Panginoon ang kaluwalhatian ni Aaron sa pagkakaloob ng kanyang pamana. Binahaginan siya ng mga unang bunga, at ng masaganang pagkain bilang pagpapanimula. ²¹ Sila nga ang nangangain ng mga alay sa Panginoon, na ibinigay niya kay Aaron at sa kanyang mga inapo.

²² Ngunit wala siyang pamana sa Lupain, wala siyang bahagi kasama ng kanyang sambayanan, sapagkat ang Panginoon ang kanyang bahagi at pamana.

Pinhas

²³ Si Pinhas, anak ni Eleazar, ang pangatlo sa karangalan. Nagpakita siya ng marubdob na pag-ibig sa Panginoon nang matatag siyang manindigan sa harap ng mapaghimagsik na bayan, taglay ang marangal na kagitingan, at makamit niya ang kapatawaran sa Israel.

²⁴ Kaya ipinagkaloob sa kanya ang isang kasunduan ng kapayapaan, na siya ang mamumuno sa santuwaryo at sa kanyang bayan. Taglay niya at ng kanyang mga inapo ang pagpapari kailanman. ²⁵ Hindi iyon katulad ng ginawang pagkakasundo kay David, anak ni Jese, mula sa tribu ng Juda, na ang paghahari ay maisasalin sa isa sa kanyang mga anak lamang, ngunit ang mana ni Aaron ay magpapasalin-salin sa lahat ng kanyang mga inapo.

²⁶ Bigyan nawa sila ng Panginoon ng karunungan ng puso upang mapamahalaan ang kanyang bayan nang may katarungan! Kung

magkakagayon di maglalaho sa kanila ang kagsaganaan ni ang kanilang karangalan sa kanilang mga inapo.

Si Josue at ang mga Hukom

46 ¹ Isang magiting na mandirigma si Josue na anak ni Nun at kahalili ni Moises bilang propeta. Naging dakila siya sa pagliligtas sa hinirang na bayan ng Diyos. Pinarusahan niya ang sumalakay na mga kaaway, hanggang sa maangkin ng Israel ang kanilang lupain.

² Kayluwalhati niya nang itaas niya ang kamay, hawak ang tabak sa pagsalakay sa lunsod!

³ Sinong mandirigmang nauna sa kanya ang nakagawa ng gayon? Siya ang tunay na mandirigma ni Yawe. ⁴ Hindi ba huminto ang araw sa kanyang utos at ang maghapon ay naging kasinghaba ng dalawang araw? ⁵ Nanawagan siya sa Kataas-taasan nang ligaligin siya ng mga kaaway sa lahat ng panig, at sinagot siya ng Dakilang Panginoon na nagpaulan ng malalaking tipak na yelo. ⁶ Sinalakay niya ang kaaway na bansa at nilipol ang mga kalaban sa dalisdid ng burol upang ipakilala sa mga bansa ang kanyang lakas at ipakilalang nasa panig niya ang Panginoon.

⁷ Sumunod si Josue sa Makapangyarihan at napatunayan siyang matapat noong kapanahunan ni Moises, siya at si Kaleb, anak ni Yefone. Nanindigan sila laban sa kapulungan, na sinikap nilang mailayo sa pagkakasala at sawatain sa buktot na hinaing.

⁸ Dahil dito, silang dalawa lamang ang natira sa animnaraang libong taong naglalakad, at pumasok sila sa pamanang lupain na dinadaluhan ng gatas at pulot-pukyutan.

⁹ Pinagkalooban ng Panginoon si Kaleb ng lakas na tinaglay nito hanggang sa katandaan, at umakyat ito sa mataas na lupain na namana ng mga inapo. ¹⁰ Sa gayon ay nakilala ng buong Isael kung gaano kabuti ang sumunod sa Panginoon.

¹¹ Purihin ang alaala ng mga hukom at ng bawat isa sa kanila! Hindi sila nagtaksil ni tumalikod sa Panginoon. ¹² Manariwa nawang muli ang kanilang mga buto sa puntod at mapasalin ang pangalan nila sa mga inapo ng mga bayaning ito.

Samuel

¹³ Minamahal ng Panginoon si Samuel. Siya ang propetang nagtatag ng kaharian at humirang sa mga maghahari sa kanyang bayan.

¹⁴ Pinamahalaan niya ang kapulungan sang-

ayon sa Batas ng Panginoon, at tinulungan ng Panginoon si Jacob. ¹⁵ Sa kanyang katapatan pinatunayan siyang propeta, at sa kanyang mga salita kinilala siyang tunay na manghuhula.

¹⁶ Nanawagan siya sa Panginoong Makapangyarihan nang sumalakay sa lahat ng panig ang mga kaaway, at naghandog siya ng isang maliit na tupa.

¹⁷ Kaya mula sa langit ay malakas na nagpakulog ang Panginoon ¹⁸ at nilipol niya ang mga pinuno ng mga Pilisteo.

¹⁹ Bago sumapit ang kanyang walang hangang pamamahinga, nagpatunay si Samuel sa harap ng Panginoon at ng kanyang hinirang. “Wala akong kinuha kaninuman kahit na isang sandalyas,” at wala sinumang nagparatang sa kanya. ²⁰ Kahit nang mailibing na, sinasangguni pa rin siya bilang propeta, at ipinagtapat niya sa hari ang kamatayan nito. Mula sa kailaliman ng lupa pumaitaas ang kanyang tinig upang pawiin ang kasamaan ng kanyang bayan.

David

47 ¹ Kasunod niya si Natan na naging propeta sa kapanahunan ni David.

² Tulad ng tabang ibinubukod sa handog ng mabuting pagsasama, gayundin si David na hinirang sa mga taga-Israel.

³ Nakipaglaro siya sa mga leon at oso na waring ang mga ito ay tupa o maliliit na kambing.

⁴ Bata pa siya nang patayin niya ang isang higante upang maibalik ang karangalan ng kanyang bayan. Sa pamamagitan ng tirador ay inihagis niya ang batong kumitil sa kapalaluan ni Goliat.

⁵ Nanawagan siya sa Kataas-taasang Panginoon na nagkaloob sa kanya ng lakas para mapatay ang malakas na mandirigma at matampok ang kapangyarihan ng kanyang bayan.

⁶ Kaya dinakila siya dahil sa kanyang “sampung libong” napatay, at pinuri nila ang Panginoon dahil sa kanya nang ipatong sa kanyang ulo ang dakilang korona.

⁷ Nilupig niya ang mga kaaway sa lahat ng panig at dinurog magpakailanman ang kapangyarihan ng mga Pilisteo.

⁸ Pinasalamatan niya ang Kataas-taasan na niluwalhati sa lahat ng kanyang ginawa. Minahal niya nang buong puso ang Lumikha at inawitan ng mga himno.

⁹ Nagtalaga siya ng mga mang-aawit na sinaliwan ng mga arpa sa harap ng altar; ¹⁰ pinaringal niya ang mga pista at inayos na mabuti ang mga panahon ng pagdiriwang. Pinapurihan niya ang banal na Pangalan ng Panginoon at

pinuno ang santuwaryo ng kanyang mga pagbubunyi mula pa sa pagbubukanliwayway.

¹¹ Pinatawad ng Panginoon ang mga pagkakasala ni David at itinatag ang kanyang kapangyarihan magpakailanman; ipinagkaloob sa kanya ang pangharing tipan at ang maluwalathing trono sa Israel.

Solomon

¹² Humalili sa kanya ang isang marunong na anak na masaganang namuhay dahil sa kanya.

¹³ Matahimik ang paghahari ni Solomon. Binigyan siya ng Panginoon ng kapayapaan sa lahat ng panig upang maitayo niya ang isang templo sa pangalan ng Diyos, isang santuwaryo na magiging matatag magpakailanman.

¹⁴ Anong dunong mo sa iyong kabataan, Solomon; ang kaalaman mo'y nag-uumapaw na parang ilog. ¹⁵ Pinalaganap mo ang iyong kaisipan sa sangkalupaan, pinuno mo ito ng mga salawikain at bugtong. ¹⁶ Nakilala ang iyong pangalan hanggang sa malalayong pulo at minahal ka dahil sa iyong payapang paghahari. ¹⁷ Hinangaan ka ng daigdig dahil sa iyong mga awit, kawikaan, talinghaga at pakahulugan.

¹⁸ Nakapagtipon ka ng ginto na waring yero at nagkamal ng pilak na waring tingga sa ngalan ng Panginoong Diyos, na tinawag na Diyos ng Israel.

¹⁹ Ngunit sumiping ka sa mga babae at ipinalipin mo sa kanila ang iyong katawan; ²⁰ dinungisan mo ang iyong karangalan at dinusta mo ang iyong angkan - mga kabaliwang nagdulot ng poot at kapahamakan sa iyong mga inapo. ²¹ Kaya nagkaroon ng dalawang pagkahari at isang naghimagsik na kaharian ang lumitaw sa Efraim.

²² Ngunit hindi babawiin ng Diyos ang kanyang habag, ni tatalikdan ang kanyang mga pangako; hindi niya pinawi ang mga supling ng kanyang hinirang o pinuksa ang lahi na kanyang itinangi. Kaya nagbigay siya ng isang tira kay Jacob at ng isang supling kay David.

²³ Pagkasama ni Solomon sa kanyang mga ninuno, nag-iwan siya ng isa sa kanyang lahi na maghahari pagkatapos niya, isang napakahanagal na tao, na kapos sa karunungan; ito si Roboam na pumukaw sa bayan upang maghimagsik.

²⁴ Si Yeroboam naman na anak ni Nabat ang siyang nag-udyok sa Israel sa pagkakasala at nagturo kay Efraim sa landas ng kasamaan.

²⁵ Mula noon, dumami ang kanilang kasalanan hanggang mapalayas sila sa kanilang lupain, sapagkat nagumon sila sa lahat ng uri ng

kasamaan hanggang sa bumagsak sa kanila ang kaparusahan.

Sina Elias at Eliseo

48 ¹ Noon lumitaw ang propetang Elias na tulad ng apoy na nagliliyab, ang kanyang salita na gaya ng isang sulo.

² Ipinarating niya sa bayan ang gutom at sa kanyang marubdob na pagnanasa ay pinaliit ang kanilang bilang.

³ Sa salita ng Panginoon niya ipininid ang langit at makaitlong ulit na nagpaulan ng apoy.

⁴ Kahanga-hanga ka, Elias, sa iyong mga kagila-gilalas na kababalaghan! Sino ang makapagmamalaki na siya'y katulad mo? ⁵ Pinalibali mo sa ngalan ng Kataas-taasan ang isang patay mula sa kaharian sa ibaba; ⁶ ibinagsak mo ang mga hari at inalis sa mga tanyag na tao ang kanilang kapangyarihan.

⁷ Narinig mo ang pagbabanta sa Sinai at ang atas ng kaparusahan sa Hareb; ⁸ pinahiran mo ang mga hari nang makapaghighanti at ang mga propetang hahalili sa iyo. ⁹ Dinala ka sa itaas ng ipu-ipong apoy, na sakay ng karwahe at mga kabayong nagliliyab.

¹⁰ Ikaw ang babanggit sa mga babala tungkol sa haharapin; dapat mong pigilin ang galit bago pa ang parusa, pagbabalik-loobin ang puso ng mga ama sa kanilang anak at muling itatatag ang mga tribu ni Jacob.

¹¹ Mapalad ang makakita sa iyo at mamatay na taglay ang pag-ibig; tiyak na mabubuhay rin tayo.

¹² Nang tangayin ng ipuipo si Elias ay natigib ng kanyang espiritu si Eliseo.

Walang pinunong sumupil sa kanya habang siya'y buhay at wala sinumang nakapagpasuko sa kanya. ¹³ Walang bagay na di niya magagawa at pampropeta pa rin ang ginawa ng bangkay niya. ¹⁴ Gumawa siya ng mga kababalaghan noong nabubuhay pa at ng mga kahanga-hanga kahit nang patay na.

¹⁵ Sa kabila niyan, hindi nagbalik-loob ang bayan upang tumalikod sa pagkakasala; sa wakas sila'y napalayas sa kanilang lupain at nangalat sa sangkalupaan.

¹⁶ Ang malaki ay naging isa lamang maliit na bansang may namumunong nanggagaling sa angkan ni David. May makatarungang tao at may makasalanan din sa mga haring ito.

¹⁷ Si Ezekias ang nagpalakas sa kanyang lunsod at nagdala ng tubig sa loob ng mga pader nito; ipinabutas niya ang burol sa pamamagitan ng mga kasangkapang bakal upang makagawa ng mga imbakan ng tubig.

¹⁸ Sa kapanahunan niya sumalakay si Sena-

kerib at ipinadala nito si Rabsaces, na pagdating ay buong pagpapalalong nagbanta sa Sion.

¹⁹ Nanginig ang puso at kamay ng bayang nagdamdam na tulad ng babaeng manganganak. ²⁰ Kaya nagtaas sila ng kamay at nanawagan sa mahabaging Panginoon.

Agad silang dininig ng Tanging Banal mula sa langit at iniligtas sa pamamagitan ni Isaias. ²¹ Pinuksa ng Panginoon ang kampakamento ng mga Asirio at nilipol silang lahat ng kanyang mga anghel.

²² Ginawa nga ni Ezekias ang nakalulugod sa Panginoon at naging matatag na siya sa paglakad sa landas ni David, ang kanyang ama, ayon sa itinagubilin sa kanya ni Isaias, ang dakilang propeta na mapagtitiwalaan sa kanyang mga pangitain.

²³ Pinaurong niya ang araw sa kanyang kapanahunan at pinahaba niya ang buhay ng hari.

²⁴ Nakita rin niya ang haharapin sa malakas na tulong ng espiritu, at inaliw niya ang mga namimighati sa Sion. ²⁵ Ipinaalam niya ang mga mangyayari hanggang sa katapusan ng panahon; ibinunyag ang mga lihim bago iyon matupad.

49 ¹ Katulad ng pinaghalong mga pabangong maingat na inihanda ang alaala ni Yosias. Ito'y katulad ng matamis na pulot-pukyutan sa mga bibig, at waring tugtugin sa isang piging.

² Sinunod niya ang tamang paraan sa pagbabalik-loob ng bayan at paglipol sa kasuklam-suklam na mga diyus-diyusan. ³ Inilaan niya sa Panginoon ang kanyang puso at pinatibay ang katapatan sa kapanahunan ng mga lumalabag sa Batas.

⁴ Maliban kina David, Ezekias at Yosias, ang mga hari ay pawang makasalanan. Tinalikuran ng mga hari ng Juda ang Batas ng Kataastaasan, kayat tinalikuran din sila.

⁵ Ipinaubaya nila ang kanilang kapangyarihan at karangalan sa mga bansang dayuhan.

⁶ Kaya nasunog ng mga ito ang hinirang at banal na lunsod, naging ilang ang mga lansangan, ⁷ na gaya ng inihula ni Jeremias.

⁸ Si Ezekiel ang nakakita ng pangitain ng kaluwalhatian na ipinamalas ng Diyos sa kanya

• **49.16** Bago purihin ang punong-paring si Simon na kanyang kapanahon, biglang naalaala ni Ben Sirac ang mga pinagmulan. Sa simula, ang unang tao. Sa pag-iisip ni Ben Sirac sa Unang Tao na siyang ama ng buong sangkatauhan, nalampasan niya ang umiiral na mga idea ng mga Judio na hanggang nang panahong iyo'y halos sariling kasaysayan lamang nila ang tinitingnan. Kumakatawan si Adan sa buong

sa itaas ng karwahe ng mga kerubin. ⁹ Nagunita rin niya si Job, na laging sumusunod sa landas ng katarungan.

¹⁰ Tungkol sa labindalawang propeta, nawa'y manariwang muli ang kanilang mga buto sa libingan sapagkat sila ang umaliw sa bayan ni Jacob at matiwalang nagligtas dito.

¹¹ Paano natin ganap na pupurihin si Zorobabel na inihambing sa isang pantatak na sising sa kamay ng Panginoon, ¹² gayundin si Josue, na anak ni Yosedek? Sa kanilang kapanahunan itinayo nila ang Templo ng Panginoon, ang santuwaryong nakahanda para sa walang hanggang kaluwalhatian. ¹³ Wala ring kapantay ang alaala ni Nehemias na nagtayo muli sa mga gumuhong pader, naglagay ng mga pinto at halang at nagpatayong muli ng ating mga tahanan.

¹⁴ Wala pang nilikhang katulad ni Enok na dinala sa kaitaasan mula sa lupa.

¹⁵ At wala ring isinilang na katulad ni Jose, ang pinakadakila sa kanyang mga kapatid, puno ng kanyang bayan; ang mga buto niya ay pinarangalan.

• ¹⁶ Niluwalhati sina Sem at Set sa mga tao ngunit higit pa sa lahat ng nabubuhay si Adan.

Si Simon, ang punong pari

50 ¹ Si Simon na Punong Pari at anak ni Onias ang nag-ayos ng Templo at nagpatibay sa santuwaryo sa kanyang kapanahunan.

² Siya ang naglagay ng magkasusong muog, ang mataas na pundasyon ng looban ng Templo.

³ Sa kanya ring kapanahunan hinukay ang tipunan ng tubig, isang imbakang sinlaki ng dagat.

⁴ Pinatibay niya ang lunsod upang huwag bumagsak ang bayan sa pagsalakay.

• ⁵ Anong gilas niya kapag lumabas siya sa santuwaryo na napapaligiran ng mga taong-bayan; ⁶ tulad siya ng tala sa umaga sa gitna ng mga ulap, wari'y buwan sa kanyang kabilugan, ⁷ tulad ng

sangkatauhang makasalanan na tinawag sa Kaligtasan. Pero nasa unang tao ring ito ang kapalaran ng lahat. Sa Rom 5:12-20, sasabihin ni Pablo na si Kristo ang Bagong Adan. Sa kanya masasabing: "*Higit pa sa lahat ng nabubuhay si Adan.*"

• **50.5** Bigyang-diin natin ang mahabang paglalarawang ito sa punong-paring si Simon. May mga

araw na nagliliwanag sa Templo ng Kataas-taasan o gaya ng bahaghari sa kangingningan ng mga ulap.

⁸ Siya'y katulad ng rosas sa tagsibol, isang liryo sa tabi ng batis, o isang supling ng kamanyang sa tag-araw, ⁹ o insensong sinusunog sa lalagyan. Maitutulad siya sa isang malaki at ginintuang saro na napapalamutian ng iba't ibang uri ng mahalang bato, ¹⁰ o sa punong olibo na hitik sa bunga o sa isang sipres na nakatutok sa mga ulap. ¹¹ Suot ang panseremonyang damit na ganap ang karilagan, binigyang-dingal niya ang buong santuwaryo sa pag-akyat niya sa banal na altar.

¹² Tatanggap ng mga bahagi ng handog mula sa kamay ng mga pari, nakatayo siya sa tabi ng apuyan sa altar at nasa paligid niya ang kanyang mga kapatid na pari na waring mga dahon ng punong sedro sa Lebanon.

¹³ Siya'y napapaligiran nila, na wari'y mga punong palma kapag nakatayo sa harap ng kapulungan ng Israel ang lahat ng anak ni Aaron na may dalang handog sa Panginoon.

¹⁴ Sa wakas ng seremonya sa altar, matapos ialay nang buong dingal ang handog sa Kataas-taasan at Makapangyarihan, ¹⁵ aabutin niya ang saro at ibubuhos ang isang bahagi ng katas ng ubas sa paanan ng altar, mabangong halimuyak para sa Kataas-taasan, ang Hari ng sanlibutan.

¹⁶ Saka magsisigawan ang mga anak ni Aaron; hihipan ang kanilang trumpetang lantay na pilak upang lumikha ng malakas na ingay bilang tagapagpagunita sa harap ng Kataas-taasan.

¹⁷ Kaginsa-ginsa'y magpapatirapa ang buong bayan upang sumamba sa Panginoon,

noon, ang Makapangyarihan na Kataas-taasang Diyos.

¹⁸ Ipagbubunyi rin siya ng mga mang-aawit sa pamamagitan ng magagandang awitin. ¹⁹ At ang buong bayan ay mananawagan sa Kataas-taasan at magdarasal sa mahabaging Diyos hanggang sa matapos ang seremonya at magampanan ang pagsamba sa Panginoon.

²⁰ Pagkatapos ay mananaog ang Punong Pari at itataas ang mga kamay sa buong kalipunan ng mga anak ng Israel upang ibigay sa kanila sa malakas na tinig ang pagpapala ng Panginoon at purihin ang kanyang pangalan.

²¹ At sa ikalawang ulit ay yuyuko ang mga tao sa pagsamba bilang pagtanggap sa pagpapala ng Kataas-taasan.

²² At ngayon, purihin ang Panginoon ng sanlibutan na gumagawa ng mga dakilang bagay, nagpapadakila sa ating mga araw mula sa pagsilang at kumakalinga sa atin.

²³ Nawa'y ibigay niya sa atin ang kagalakan at ihandog ang kapayapaan sa Israel sa ating kapanahunan at magpakailanman!

²⁴ Sumaatin nawa ang kanyang awa at tubusin niya tayo sa ating kapanahunan.

²⁵ May dalawang bansa na labis kong kinamumuhian, ang ikatlo ay hindi pa bansa; ²⁶ sila ang mga naninirahan sa bundok ng Seir, ang mga Pilisteo at ang hangal na bayan ng Sikem.

²⁷ Tapos na ang aral sa kaalaman at karunungan sinulat sa aklat na ito ni Jesus, anak ni Sira na anak ni Eleazar ng Jerusalem. Dito niya ibinubuhos ang karunungan ng kanyang puso.

²⁸ Mapalad ang taong nakikinig sa mga aral na ito; tatamuhin niya ang karunungan kapag isinapuso ang mga ito.

²⁹ Ang tutupad nito ay lalakas sa lahat ng pagkakataon sapagkat ang liwanag ng Panginoon ang kanyang magiging daan.

tungkuling ginampanan at marunong sa buhay si Ben Sirac, at hindi siya nahihiyang ipahayag ang kanyang labis na paghanga sa mga seremonya sa Templo. Tulad sa sinumang Judiong sumasampalataya, ang mga sagradong kasuutan, ang musika at mga solemneng seremonya ay may ipinahahayag sa kanya

tungkol sa daigdig ng Diyos, na kangingningan, kaligayahan, pagpipiyesta, papuri.

Ang huling talata ang pinakawakas ng bahaging ito ng libro (kab. 44-50). Binibendisyunan ni Ben Sira ang kanyang mambabasa sa katulad na mga salitang binigkas ni Simon sa bayang nakayuko.

Mga panalangin ni Jesus, anak ni Sira

51 • ¹ Nagpapasalamat ako sa iyo, aking Panginoon at Hari. Pupurihin kita, aking Diyos at Tagapagligtas. Ipagbubunyi ko ang iyong Pangalan.

² Sapagkat ikaw ang aking tagapagtanggol at tagapagligtas ng aking katawan sa kapahamakan, sa bitag ng malabigang dila at sa mga labing sinungaling.

Sa harap ng mga nag-aabang sa akin ay naging tagapagtanggol at tagapagligtas kita.

³ Sa laki ng iyong awa at Pangalan, iniligtas mo ako sa pangil ng mga nag-nanais na sumakmal sa akin at sa mga kamay ng mga nagtatangka sa aking buhay. Sinagip mo ako sa di-mabilang na pagsubok na sumapit sa akin, ⁴ sa bumubugang apoy na nagpahirap sa akin sa bawat paligid – isang apoy na hindi ako nasindihan.

⁵ Hinango mo ako sa malalim na batingin ng kamatayan, sa dilang marumi at malaswang salita, ⁶ sa paninirang-puri na inihatid sa hari. Nabingit ako sa kamatayan, nasa bungad na ako ng kabilang daigdig.

⁷ Pinaligiran nila ako sa lahat ng panig na walang makakasaklolo sa akin. Naghanap ako ng isang makatulong ngunit wala.

⁸ Kaya, Panginoon, naalaala ko ang habag mo at ang iyong mga gawa noong mga lumipas na panahon: tutulungan mo ang mga umaasa sa iyo at ililigtas sila sa mga kamay ng kanilang kaaway.

⁹ Kaya tumawag ako mula sa lupa at hiniling na iligtas mo ako sa kamatayan.

¹⁰ Nanawagan ako sa Panginoon, ang aking ama: “Huwag mo akong pabayaan sa sandali ng aking kapighatian, sa oras

na walang makatutulong sa akin laban sa mga palalong kaaway; pupurihin kong lagi ang iyong pangalan at aawitan ng pasasalamat.

¹¹ At dininig mo ang aking panalangin, iniligtas ako sa kapahamakan at pinalaya sa kasamaan. ¹² Kaya pinasasalamatan kita at pinupuri. Ipagbubunyi ko ang pangalan ng Panginoon.

¹³ Sa aking kabataan, bago pa ako maglakbay, ang lagi ko nang hinanap sa pagdarasal ay ang karunungan; ¹⁴ hiniling ko siya sa harap ng Templo at pakahahanapin hanggang sa wakas.

¹⁵ Kinalugdan ng aking puso ang kanyang bulaklak na tulad ng nahihinog na kumpol ng ubas; tinahak ng mga paa ko ang matuwid na landas sapagkat mulang pagkabata ay pinaghanap ko na siya.

¹⁶ Nakamit ko siya nang magsimula akong makinig sa kanya at magtamo ng maraming aral mula sa kanya.

¹⁷ Umunlad ako sa tulong niya, kaya ipagbubunyi ko ang ipinagkaloob sa akin ng karunungan, ¹⁸ sapagkat ipinasiya kong isagawa iyon at hanapin ang mabuti. Hindi ko ito pagsisi-sihan.

¹⁹ Nagpunyagi ang kaluluwa ko na katulong siya. Masikap na sumunod ako sa Batas at sa aking mga pagkakamali ay itinaas ko ang aking mga kamay sa kawanglang-tungkol sa kanya.

²⁰ Nag-ibayo ang pagmamahal ko sa kanya at natagpuan ko siya sa aking pagtitika. Sa pamamagitan niya sa simula pa kaya ko natutuhang sarilinin ang aking puso. Hindi niya ako maaaring biguin.

²¹ Sabik na sabik na pinaghanap siya ng aking loob, ng buong katauhan ko, kaya inari ko siya na isang mahalagang kayamanan.

²² Bilang gantimpala ay ipinagkaloob

• **51.1** Pasasalamat ito para sa pagpapalaya. Ang listahan ng mga panganib, na mula kung saan maaaring iligtas ng Diyos ang tao, ay gumugunita sa mga bayani ng Matandang Tipan: si Daniel sa balon ng mga leon, si Daniel at ang kanyang mga kasama sa pugon ni Joseng nakabilanggo, si Susana, si David.

Ginagamit ito sa liturhiya ng Iglesya para sa mga

piyesta ng mga martir. (Paglala sa kasamaan ang kanilang kamatayan (tingnan ang (Kar 3:1). Tulad ni Jesus, ang mga martir ay hindi tumakas sa kasamaan at kamatayan. Ngunit nalupig nila ito, dahil napaglabanan nila ang likas na takot at natanggap na patawarin ang kanilang mga kaaway.

ng Panginoon sa akin ang mga pangungusap na magpupuri sa kanya.

²³ Magsilapit kayo, kayong mga mangmang at pumasok kayo sa paaralan.

²⁴ Bakit ninyo sinasabi na kulang kayo sa mga ganitong bagay at nauuhaw ang inyong kaluluwa?

²⁵ Nagsalita na ako at nagsabi: Bilhin ito nang walang bayad; ²⁶ lagyan ng pamatok ang inyong leeg at tanggapin ng inyong kalooban ang aral; malapit ito at madaling abutin.

²⁷ Tingnan ninyo at kaunti lamang ang aking pagpapagod ay malaki naman ang kaginhawahang aking natamo.

²⁸ Magtamo kayo ng aral sa gaano mang halaga at makinabang kayo nang higit pa sa ginto.

²⁹ Magalak nawa ang inyong puso sa habag ng Panginoon at huwag kayong mahiyang magpuri sa kanya.

³⁰ Tupdin ninyo ang gawain sa loob ng itinakdang oras at gagantimpalaan kayo ng Panginoon sa kanyang panahon.